**ANG BISA NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**

**Isang Tesis**

Iniharap sa

Kaguruan ng Gradwadong Pag-aaral

**SAMAR COLLEGE**

Lungsod ng Catbalogan

Bilang Bahagi ng mga

Gawaing Itinakda para sa Kursong

**MASTER NG EDUKASYON**

(Medyor sa Filipino)

**CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**

Pebrero 2018

**DAHON NG PAGPAPATIBAY**

Ang pananaliksik na ito na pinamagatang "**ANG BISA NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**", na ginawa at isinumite ni **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN** ay inirerekomenda sa isang pasalitang pagsusulit.

**CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

---

Pinagtibay ng Komite ng Pasalitang Pagsusulit noong **Pebrero 25, 2018** na may gradong **PASADO**.

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral
Tagapangulo

**NATALIA B. UY, Ph.D.**
Retiradong Dekana
Samar College
Miyembro

**GUILLERMO D. LAGBO, DPA**
Guro, Gradwadong Pag-aaral
Samar College
Miyembro

**ROSARIO E. RESMA, M.A.Ed.**
Guro
Samar National School
Miyembro

**ALLAN DACLES, M.A.Ed.**
Guro
Motiong National High School
Miyembro

---

Tinanggap bilang bahagi ng mga gawaing itinakda para sa degring **MASTER SA SINING NG EDUKASYON**, midyur sa Filipino.

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

Petsa ng Pasalitang Pagsusuri

**Pebrero 25, 2018**

# PAGKILALA

Ang pagsagawa ng pananaliksik na ito ay hindi naging madali para sa mananaliksik. Subalit ang lahat ng mga suliraning kinaharap ay lubhang naging magaan dahil sa tulong na naiambag ng mga taong pinagkakautangan ng loob ng mananaliksik.

Sa Dekana ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College, **Dr. Nimfa T. Torremoro**, sa kanyang paggabay sa mananaliksik na maisagawa ng matiwasay ang kasalukuyang pag-aaral.

Sa Tagapayo ng Pananaliksik, **Dr. Carmelita C. Abdurahman**, para sa kanyang hindi matatawarang tulong lalo na sa pagpapabuti ng kasalukuyang pananaliksik simula umpisa hanggang sa natapos ang paglikom ng mga datos.

Sa mga Miyembro ng Lupon ng Pasalitang Pagsusuri, **Dr. Natalia B. Uy, Dr. Guillermo Lagbo, Gng. Rosario E. Resma**, at **G. Allan C. Dacles**, para sa kanilang konstruktibong mga suhestiyon at payo para sa mga importanteng rebisyon ng kasalukuyang pananaliksik.

Sa Tagapamahala ng Kagawaran ng Edukasyon Sangay ng Catbalogan, **G. Cristito A. Eco**, para sa kanyang malawak na pang-unawa sa pamamagitan ng pagbibigay pahintulot sa mananaliksik na isagawa ang pag-aaral sa Pambansang Paaralan ng Samar na sakop ng kanyang hurisdiksyon bilang tagapamahala.

Sa Punongguro ng Pambansang Paaralan ng Samar, **Gng. Ruth D. Cabanganan,** para sa kanyang taos pusong suporta sa pagbibigay ng pahintulot na maisagawa ang pag-aaral kabilang na ang ilang araw na eksperimentasyon sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na baitang.

Sa Pinuno ng Departamento ng Filipino ng Pambansang Paaralan ng Samar, **Gng. Joy T. Go,** sa kanyang kababaang-loob na bigyan ng marubdob na suporta at pagtitiwala ang mananaliksik na maisagawa ang eksperimentasyon at pagsusulit sa mga mag-aaral na tagasagot.

Sa mga Gurong nagtuturo ng Filipino sa Ikasiyam na Baitang para sa kanilang pagtitiwala at kooperasyon lalo na sa pagtulong na mailahad ang mga araling nakapaloob sa pagsusulit na ginamit ng mananaliksik gamit ang tradisyunal na pamamaraan.

Sa Tagapaglapat Estadistika ng pag-aaral, **Dr. Guillermo Lagbo,** sa kanyang malawak na kaalaman sa paglalapat ng estadistika at sa pagbibigay ng kaukulang interpretasyon sa nalikom na mga datos.

Sa kalihim ng Lupon ng Paunang Pasalitang Pagsusuri (Pre-Oral Defense), **Gng. Nancy Jane S. Fadol,** at **G. Jerick C. Cuevas** sa Panghuling Pasalitang Pagsusuri (Final Oral Defense) para sa kanilang mahabang pasensya at metikulosong pagsusulat ng mga suhestiyon at rekomendasyon ng mga miyembro

ng lupon ng pasalitang pagsusulit upang mas lalong pagandahin ang kasalukuyang pananaliksik.

Sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa kanilang tulong at kooperasyon na naging daan upang maisakatuparan ang eksperimentasyon matapos ang paglikom ng mga datos bilang mga tagasagot.

Sa pamilya ng mananaliksik, **G. Grayson B. Tan**, asawa, at **Angel Zaibryn A. Tan**, anak, sa kanilang suporta, pagmamahal, pag-unawa, at pagtitiwala na siyang naging gabay para sa pagtatapos ng pananaliksik na ito.

At higit sa lahat sa **Poong Maykapal** sa magandang biyaya ng buhay, karunungan, at pagmamahal na siyang naging inspirasyon sa pag-aaral na ito hanggang sa matapos at matamo ang layunin.

**C.A.T.**

**PAGHAHANDOG**

Para sa mga mag-aaral na layong matuto upang maisakatuparan
ang kanilang mga hangarin sa buhay at bigyang kaganapan
ang mithiin ng kanilang mga magulang . . .

Para sa mga mag-aaral na patuloy na naniniwalang ang panitikan
ay mahalagang aspeto ng kultura ng isang sambayanan . . .

Para sa mga gurong bukas ang isipan upang tanggapin ang iba't
ibang uri ng mga interbensyon upang mas lalong paunlarin at
paigtingin ang pagkatuto ng mga mag-aaral . . .

Para sa mga mananaliksik na balak magsagawa ng mga
kahalintulad na pag-aaral . . .

Taos puso kong iniaalay ang pag-aaral na ito sa inyong lahat at
Maraming Maraming Salamat!

Cheryl

## TESIS ABSTRAK

| | | |
|---|---|---|
| **Pamagat ng Tesis** | : | **ANG BISA NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR** |
| **May-Akda** | : | **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN** |
| **Wikang Ginamit** | : | Filipino |
| **Uri ng Pananaliksik** | : | Tesis |
| **Disiplina** | : | Filipino |
| **Programa** | : | Master ng Edukasyon |
| **Buong Titulo ng Degri** | : | Master ng Edukasyon (Filipino) |
| **Taon ng Pagkompleto** | : | Pebrero 2018 |
| **Keywords** | : | Bisa<br>Pagkatutong Integratibo<br>Panitikang Asyano<br>Ikasiyam na Baitang<br>Pambansang Paaralan ng Samar |

---

Gamit ang eksperimental na disenyo ng pananaliksik, tinaya ang bisa ng paggamit ng pagkatutong integratibo (integrative learning) bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar. Ang 154 na mga mag-aaral ay hinati sa kontrol at eksperimental na pangkat. Isang talatanungan at pagsusulit sa Filipino 9 ang ginamit na instrumento ng mananaliksik. Ang mga deskriptibo at

inferential na estadistikang panukat ang ginamit upang mataya ang mga nakalap na datos sa pag-aaral na ito.

Ayon sa kinalabsan ng pag-aaral, ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 22 na may SD 7.88 samantala sa panghuling pagsusulit ang tamtamang iskor ay tinaya sa iskor na 37 na may SD 7.30. Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 14 na may SD 4.94 at ang tamtamang iskor na nakuha nila sa panghuling pagsusulit ay tinaya sa iskor na 33 na may SD 6.53.

Sa karagdagan, sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat, lumabas na may kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa eksperimental na pangkat," ay tinanggihan. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol na pangkat, lumabas na may kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa kontrol na pangkat," ay tinanggihan.

Samantala, sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit, ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay di mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit," ay tinanggap. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit, ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit," ay tinanggihan.

Batay sa mga kinalabasan ng nasabing pag-aaral, iminumungkahi na hikayatin ang mga guro sa panitikan na maging malikhain sa pag sasagawa ng mga panturong materyal lalong lalo na't kulang ang mga ito sa departamento na magagamit sa pagtuturo.

## TALAAN NG MGA NILALAMAN


| | Pahina |
|---|---|
| **DAHONG PAMAGAT** . . . . . . . . . . . . . . . . . . | i |
| **DAHONG PAGPAPATIBAY** . . . . . . . . . . . . . . . . | ii |
| **PAGKILALA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | iii |
| **PAGHAHANDOG** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | vi |
| **TESIS ABSTRAK** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . | vii |
| **TALAAN NG MGA NILALAMAN** . . . . . . . . . . . . . . | x |
| **TALAAN NG MGA TALAHANAYAN** . . . . . . . . . . . . . | xiii |
| **TALAAN NG MGA FIGURA** . . . . . . . . . . . . . . . . | xiv |
| **Kabanata** | |
| **1 ANG SULIRANIN AT SANLIGAN NITO** . . . . . . | 1 |
| Panimula . . . . . . . . . . . . . . . . . | 1 |
| Paglalahad ng Suliranin . . . . . . . . . | 5 |
| Mga Ipotesis . . . . . . . . . . . . . . . | 6 |
| Batayang Teyoretikal . . . . . . . . . . . | 7 |
| Batayang Konseptwal . . . . . . . . . . . | 13 |
| Kahalagahan ng Pag-aaral . . . . . . . . . | 15 |
| Saklaw at Delimitasyon . . . . . . . . . . | 17 |
| Katuturan ng mga Talakay . . . . . . . . . | 18 |
| **2 PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL** . . . . . . . . . . . . . . . . | 23 |
| Kaugnay na mga Literatura . . . . . . . . | 23 |
| Kaugnay na mga Pag-aaral . . . . . . . . . | 31 |
| **3 METODOLOHIYA** . . . . . . . . . . . . . . . | 45 |

Disenyo ng Pananaliksik . . . . . . . . 45

Lokal ng Pag-aaral . . . . . . . . . . . 46

Instrumentasyon . . . . . . . . . . . . 48

Balidasyon ng Instrumento . . . . . . . 50

Paraang Sampling . . . . . . . . . . . . 54

Paglikom ng mga Datos . . . . . . . . . 55

Paglalapat Estadistika ng mga Datos . . 56

**4 PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS** . . . . . . . . . . . . . . 60

Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot . 55

Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot batay sa kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit . . . . . . . . 69

Paghahambing Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . 73

Paghahambing sa pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental at Kontrol na Pangkat . . . . . . . . . . 75

Mahalagang Implikasyon na Nakuha batay sa Kinalabasan ng Pag-aaral . . . . . 78

**5 LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON** . . . . . . . . . . . . . . 80

Lagom ng Kinalabasan . . . . . . . . . . 80

Mga Konklusyon . . . . . . . . . . . . . 82

Mga Rekomendasyon . . . . . . . . . . . 85

**TALASANGGUNIAN** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 87

**MGA APENDIKS** . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 93

A Liham Pagpapatibay ng Panukalang Tesis . . . 94

B Liham Pagtatalaga ng Tagapayo ng Pananaliksik . . . . . . . . . . . . . . . 95

C Liham Panimula ng Talatanungan . . . . . . . 96

D Talatanungan ng Pag-aaral . . . . . . . . . . 97

E Pagsusulit para sa Pagbasa ng mga Mag-aaral 100

F Liham Paghingi ng Pahintulot mula sa Pansangay na Tagapamahala ng Paaralang Sangay ng Lungsod ng Catbalogan . . . . . . 125

G Liham Paghingi ng Pahintulot mula sa mga Punong Guro . . . . . . . . . . . . . . . . 126

**KURIKULUM VITA** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 127

## TALAAN NG MGA TALAHANAYAN


| Talahanayan | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Interpretasyon ng RES at HIS . . . . . . . . | 52 |
| 2 | Ang mga Mag-Aaral na Tagasagot . . . . . . . | 54 |
| 3 | Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . . | 61 |
| 4 | Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . | 62 |
| 5 | Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 63 |
| 6 | Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . . . . . . | 65 |
| 7 | Huling Markang Natamo sa Filipino 8 ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . . . . . | 66 |
| 8 | Saloobin Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot . . . . . . | 67 |
| 9 | Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental na Pangkat Batay sa Kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit . . . . . . | 70 |
| 10 | Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Kontrol na Pangkat Batay sa Kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit . . . . . . | 71 |
| 11 | Paghahambing sa Pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit . . . . . . . . . . | 74 |
| 12 | Paghahambing sa Pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental at Kontrol na Pangkat . . . . . . . . . . . . . . . . | 76 |

## TALAAN NG MGA FIGURA


| Figura | | Pahina |
|---|---|---|
| 1 | Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral . . . | 14 |
| 2 | Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral . . . . . . | 47 |

## Kabanata 1

## ANG SULIRANIN AT ANG SANLIGAN NITO

### Panimula

Ang mga mag-aaral sa bawat antas ng edukasyon ay may sariling kakayahan at talino na kadalasang nahahasa sa pamamagitan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ang mga guro ay dapat na walang tigil sa paghahanap ng mga estratehiya upang lalong sumigla ang talakayan sa loob ng silid-aralan at upang madaling matutunan at maunawaan ang aralin ng mga mag-aaral.

Sa puntong ito, ang bawat guro ay kailangang mahusay kumilala at mag-obserba ng mga taglay na katangian ng isang mag-aaral. Kung ang isang guro ay malilinang pa ang istilo sa pagtuturo nang naaayon sa istilo ng pag-aaral ng mga mag-aaral ay magkakaroon ng pag-unlad sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kanilang iba't ibang mga asignatura (Dela Rosa, 2015:1).

Sa kasalukuyang Kurikulum ng K to 12 na ipinapatupad sa mga paaralan sa bansang Pilipinas, ang pangkalahatang layunin ay ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaya naman, ang pag-aaral ng asignaturang Filipino sa sekondarya, inaasahan na naipamamalas ng mga mag-aaral ang kakayahang komunikatibo,

replektibo o mapanuring pag-iisip at may pagpapahalagang pampanitikang pambansa at paggamit ng teknolohiya upang maipagmalaki niya ang Kulturang Pilipino (Gabay Pang-Kurikulum sa Filipino, 2011).

Kabilang sa mga paksang pinag-aaralan sa Ikasiyam na Baitang ay ang mayamang Panitikang Asyano, kabilang na ang Pilipinas. Sa mga akdang pampanitikan nakapaloob ang napakalaking bahagi ng kultura ng bawat bansa, kabilang ang kanilang mga paniniwala, kabihasnan, tradisyon, mithiin, saloobin at pananampalataya. Ngunit sa isang seminar, tinalakay ang mga problema sa pagtuturo ng panitikan sa loob ng klase. Napakarami at iba-iba ang nakuhang mga sagot mula sa mga gurong dumalo sa paaralang pribado at publiko sa iba't ibang panig ng bansa. Sa lahat ng tinalakay na mga sagot, ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan ang pinakamatinding rason (Dizon, 2016:3).

Samakatuwid, isang napakalaking bahagi at tungkulin ng isang guro ang pag-aralan at tuklasin ang mga suliraning kanilang kinakaharap sa mga gawain ng mag-aaral pagdating sa pagtuturo ng panitikan sa sekondarya. Iba-iba ang kakayahan, pag-iisip at pag-uugali ng mga mag-aaral tungo sa pag-aaral ng panitikan sa sekondarya.

Sa kaso ng Pilipinas, mayaman ang bansa sa sari-saring anyo at hubog ng panitikan na naglalarawan sa kalinangan ng

mga Pilipino. Kabilang sa Panitikang Pilipino ay ang mga kuwentong-bayan, maikling kuwento o maikling katha, sanaysay, tula, dula, nobela, balagtasan, parabola, bugtong, salawikain, kasabihan, pabula, alamat, tanaga, bulong, awiting-bayan, epiko, pelikula, at mga iskrip na panradyo, pantelebisyon at pampelikula. Katulad din ito ng mga akdang pampanitikan ng Timog Silangang Asya, Timog Kanlurang Asya, at Silangang Asya (Rivas, 2006:1).

Sa karagadagan, madali at magaan ang pamamaraan ng pagkalat at pagpapamudmod ng panitikan dahil sa makabagong mga kaunlaran sa larangan ng teknolohiya. Bukod sa mga nalilimbag sa mga aklat, naririnig sa radyo, at napapanood sa telebisyon, kumakalat din ang panitikan sa pamamagitan ng mga kagamitang elektronika, katulad ng grabador ng tinig at tunog (tape recorder), diskong kompakto (compact disk), plaka, mga tape ng VHS, at mga kompyuter. Dahil sa Internet, naging maginhawa at madali ang pagkuha ng impormasyong pampanitikan. Isang instrumento ito para sa mga mambabasang Pilipinong may pagpapahalaga at pagmamalaki sa kanilang pinagmulan, kasaysayan, at kalinangan o kultura.

Kaugnay nito, mahihinuha sa unang malas na hindi gaanong mahirap ang pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral dahil sa paglaganap ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Ngunit ang katotohanan ay may mga suliraning kinakaharap ang mga

guro sa pagtuturo nito. Kabilang sa mga ito ang kawalan ng mga materyal na makapagbibigay-diin sa pagtuturo ng mga akda. Sa karagdagan, ang mga guro ay kinakaharap ang hamon sa pagpili ng mga halimbawang dapat gamitin sa klase at lalim ng dapat gawing pagtalakay sa kontekstong historikal ng mga akda sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Dagdag pa nito, ang mga guro ay kinakaharap din ang paraan ng pagtuturo na gagamitin upang madaling maintindihan ng mga mag-aaral ang mga pinag-aaralang akdang pampanitikan. Kailangang sagutin ng guro kung pormalismo ba o historikal ang pamamayanihin niyang pananaw sa pagtuturo ng panitikan.

Ito ang naging batayan sa pagpapanukala sa integratibong pagkatuto na estratehiyang maaaring gamitin ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Ang estratehiyang ito ay isang pananaw ng liberal na edukasyon na sumusuporta sa pagkakaugnay ng mga karanasan sa buhay, iba't ibang disiplina ng pormal na pag-aaral at pananaw. Hiling nito na pagyamanin ang mga kakayahan ng mga mag-aaral na maipagsama-sama ang kanilang pagkatuto sa konteksto na napapanahon (De Mesa at De Guzman, 2006:235).

Subalit, ang mga guro ay nagsasabing ang kanilang mga panurong gawi (pedagogical practices) ay karaniwang tradisyunal pa rin. Dahil sa masalimuot na proseso ng pag-aaral ng panitikan, unti-unting nababaon sa iba't ibang

katawagan at teorya ang tunay na kahulugan ng isang babasahin na kadalasan mismong mga guro ay hindi rin tunay na naiintindihan (Santos, 2015:1).

Batay sa mga naunang pahayag at pagnanais ng mananaliksik na buhayin ang hilig ng mga mag-aaral sa panitikang Filipino, umigting ang hangarin na magsagawa ng isang pag-aaral na mag-aalay ng isang alternatibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan gamit ang integratibong pagkatuto. Ang mga ito ang naging dahilan upang tayain ang bisa ng paggamit ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar.

## **Paglalahad ng Suliranin**

Tinaya sa pag-aaral na ito ang bisa ng paggamit ng pagkatutong integratibo (integrative learning) bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar sa Taong Panuruan 2017-2018.

Sa katiyakan, sinagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod na mga katanungan:

1. Ano ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot ayon sa sumusunod na mga varyets:

    1.1 gulang at kasarian;

    1.2 kabuuang buwanang kita ng pamilya;

1.3 sanligang edukasyon ng mga magulang;

1.4 hanapbuhay ng mga magulang;

1.5 huling markang natamo sa Filipino 8; at

1.6 saloobin hinggil sa pag-aaral ng panitikan?

2. Ano ang kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat batay sa kanilang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit?

3. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa kontrol na pangkat?

4. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at huling pagsusulit sa eksperimental na pangkat?

5. Mayroon bang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at huling pagsusulit sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat?

6. Anong mahalagang implikasyon ang maaaring makuha batay sa kalalabasan ng pag-aaral?

**Mga Ipoteses**

Batay sa mga tiyak na katanungan sa paglalahad ng suliranin sa pag-aaral na ito, ang sumusunod na mga ipoteses ay sinubok:

1. Walang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa kontrol na pangkat.

2. Walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at huling pagsusulit sa eksperimental na pangkat.

3. Walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at huling pagsusulit sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat.

## Batayang Teyoritikal

Ang kasalukuyang pag-aaral ay ibinatay sa sumusunod na mga teyorya: Teorya ng Pagkatutong Integratibo ni Caine, Constructivist Learning Theory ni Vygotsky, at Situated Learning Theory ni Lave.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay nakabatay sa Teorya ng Integratibong Pagkatuto ni Caine. Ayon kay Caine (1992:8), ang edukasyon ay kailangang nakasentro sa mag-aaral at pagsubaybay sa mag-aaral, at ang nakapaligid sa kanya upang matamo ang pagkatuto. Pinagtutuunan din ang paggalugad, karanasan sa totoong buhay, at paglilipat ng mga proyekto. Sa karagdagan, ang nasabing teorya ay nagsasabing ang mga mag-aaral ay lubusang natututo sa pamamagitan ng aktibong karanasan kaysa pagsasaulo at pagtatama ng mali.

Kaakibat nito, malilinang sa mga mag-aaral ang wika at ang kasanayang pagbasa sa pamamagitan ng pag-aalis ng sagabal sa pagitan ng mga asignatura at pagkakabit sa mga ito. Ang mga mag-aaral ay lalong magiging masipag at abala sa mga proyekto na mapakikinabangan sa totoong buhay na sitwasyon kaysa sa tradisyunal na kaasalan (De Mesa at De Guzman, 2006:235).

Ang pinagsanib na kurikulum ay makatutulong sa mga mag-aaral upang ang mga kagamitang panturo na kakailanganin sa pagdulog sa anumang suliranin na may pananalig samantala ang pagsasaulo sa mga pinagbabatayan ay lubhang limitado ang aplikasyon. Bukod dito, ang iminungkahing teorya na mas maunlad, lalong magkakaugnay-ugnay, at may kinalaman ang karanasan, mas lalong nagpapatatag sa kaayusan ng utak at pag-unlad (Beane, 1977:85-87).

Samakatuwid, ang integratibong pagkatuto ay hindi lamang nakatuon sa kognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral dahil ang magandang kalalabasan ay natatamo kung ang lahat ng aspeto ng kanilang pag-unlad ay napasisigla na saklaw ang sosyal, pisikal, pangkaisipan, pandamdamin at malikhaing kakayahan. Sa ganitong paraan, ang mga mag-aaral ay kailangang may kasanayan sa ganap na paglahok sa iba't ibang uri ng lipunan at matutuhan ang partikular na kasanayan at pagpapahalaga na kinakailangan ng mamamayan (Marbena at Tayler, 2011:10-11).

Ang pangalawang teorya na ginawang batayan ng kasalukuyang pag-aaral ay ang Constructivist Learning Theory ni Vygotsy (1978:83-86) na nagsasaad na ang mga batang mag-aaral ay mayroon nang pagkatuto bago pa man sila magsimulang pumasok sa pormal na edukasyon. Ang pinakatuon ng nasabing teorya ay ang paggiya sa mga mag-aaral tungo sa pinakamataas na antas ng pag-unawa at lohikal na mga kakayanan. Ayon pa

dito, ang mga guro ay dapat na aktibong nakikilahok sa pagkatuto ng mga mag-aaral dahil sila ang gumagawa ng konteksto ng pagkatuto na siyang humihikayat sa mga mag-aaral na makilahok sa mga gawaing nagbibigay inspirasyon upang sila ay mas lalong matuto sa klase.

Sa karagdagan, ang isang social constructivist na guro ay humihimok sa mga mag-aaral na makilahok sa mga kapwa mag-aaral sa pagsasagawa ng mga gawain sa loob ng klase. Sa kabilang banda, ang mga guro ay nakasuporta at nagbibigay ng mga payo habang ang mga mag-aaral ay nagsasagawa ng mga gawaing hango sa mga hamon ng tunay na buhay. Sa ganitong paraan, ang mga guro ay tumutulong sa kognitibong pag-unlad ng mga mag-aaral (Chen, 1998:16-30).

Kaugnay ng nasabing teorya, si Wiggins (2001:131) ay nanindigang ang Constructivist Theory of Learning ni Vygotsky ay sumisimbolo na ang kaalaman sa mga karanasan sa buhay ay binabalangkas sa pamamagitan ng pakikipag-interaksyon sa ibang tao.

Samakatwid, ang sosyal na interaksyon ay isang mahalagang bahagi ng kahit na anong pagkatuto. Iminumungkahi ng konstruktibong pananaw na ang bawat mag-aaral ay nagsasagawa ng kanilang sariling pag-unawa sa mga aralin o mga bagay batay sa kung ano ang kanilang naunang kaalaman at paniniwala at saka ito ginagamit sa mga bagong ideya o

kaalaman na kanilang natutunan habang nag-aaral (Richardson, 1997:3-14).

Ang paggamit ng integratibong estratehiya sa pagtuturo ay nangangahulugang ang tuon ng mga guro ay hindi lamang sa mga katunayan at teorya ng mga asignatura kung hindi ang pag-uugnay ng mga katunayan sa isa't isa at sa ibang asignatura o disiplina para sa isang integratibong pagtuturo. Kabilang din ang paggamit ng mga kasanayan at konsepto sa mga tunay na karanasan sa buhay, at paghaharap ng mga magkasalungat na pananaw, pagpapaliwanag at pagmomodelo ng mga konsepto at teorya sa konteksto. Ang integratibong pagkatuto ay tumutulong sa mga mag-aaral na buuin ang mga pirasong karanasan ng pag-aaral ng isang asignatura sa isang magkakaugnay na kabuuan na maghahanda sa kanila sa personal, propesyunal at sibikong pamumuhay (Ross, 2017:1).

Batay sa binanggit na teorya, ang isang klasrum na gumagamit ng integratibong estratehiya ng pagtuturo ay yaong pinag-uugnay ang mga kaalaman at kasanayan mula sa iba't ibang disiplina, isinaaalang-alang ang iba't ibang pananaw, at iniaaangkop ang mga kasanayang natamo sa pag-aaral sa mga tunay na karanasan sa buhay. Ito ay lubhang nakapagpapagaan sa kakayahan ng mga mag-aaral na matamo ang tamang mataas na antas ng pagkatuto. Sa kasalukuyang ipinapatupad na K to 12 Kurikulum sa bansa, ang pangkalahatang layunin sa Filipino ay

ang makalinang ng isang buo at ganap na Pilipinong may kapaki-pakinabang na literasi. Kaugnay nito, layunin ng pagtuturo ng Filipino na malinang ang kakayahang komunikatibo, replektibo/mapanuring pag-iisip at, pagpapahalagang pampanitikan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga babasahin at teknolohiya tungo sa pagkakaroon ng pambansang pagkakakilanlan, kultural na literasi, at patuloy na pagkatuto upang makaagapay sa mabilis na pagbabagong nagaganap sa daigdig (K to 12 Gabay Pangkurikulum – Filipino, Disyembre 2013:3).

Ang pag-aaral na ito ay nakabatay rin sa Situated Learning Theory na binalangkas ni Lave (1978:52) na nagpapanukalang ang pagkatuto ay likas na nangyayari bilang isang tungkulin ng gawain, konteksto at kultura kung saan ito nangyayari kaya ito tinawag na situated.

Samakatwid, mahalaga rin ang papel na ginagampanan ng interaksyong sosyal ng mga mag-aaral upang makapag-buo ng komunidad ng gawi ng pagkatuto o community of practice na naglalangkap ng mga piling paniniwala at pag-uugali (Lave at Wenger, 1991:33).

Ang pag-aaral ng panitikan ay mahalagang aspeto ng kapaki-pakinabang na literasi na kailangang matamo ng mga mag-aaral. Ito ay a) upang makilala ang kalinangan ng bawat bansa kabilang ang kanilang taglay na mga kaisipan at

katalinuhan; b) upang matalos na ang bawat lahi ay may marangal at dakilang tradisyon na nagsisilbing patnubay sa mga impluwensya ng ibang mga kabihasnang nanggagaling sa ibang mga bansa; c) upang mabatid ang mga kapintasan ng mga panitikan ng iba’t ibang bansa at makapagsanay upang maiwasto ang mga ito; d) upang malaman ang mga kagalingan sa pagsulat at mapagsikapang mapabuti at mapaunlad; at e) upang maipakita ang pagmamahal sa mga panitikan bilang kabilang sa pambansang kultura ng bawat bansa (Mahilom, 2013:1).

Kaugnay ng naunang pagtalakay, ang pag-aaral ng panitikan ay nakatutulong upang maranasan ng mga mag-aaral na makita ang buong mundo. Sa katunuyan, ang bawat gawa ng panitikan ay nagtatanghal ng moral sa mga magkakaibigang mata sa pamamagitan ng iba’t ibang pananaw. Ang pagkamulat ng kamalayan sa pag-aaral ng panitikan ay nakabubuo sa paglikha ng sariling paniniwala, opinyon at pananaw ng isang tao. Ang mahuhusay na akda ay tumutulong para mapalawak ang karanasan ng isang tao. Salamin din ng panitikan ang pagpapakita ng pagkakaiba at pagkakapareho ng pamumuhay ng mga tao sa iba’t ibang lugar. Dahil binibigyan tayo nito ng kaalaman tungkol sa iba’t ibang kultura, pinahuhusay din nito ang kakayahan natin upang makipag-usap sa iba.

Ang mga nabanggit na teorya ay nagsilbing lunsaran upang maisagawa ng maayos ang kasalukuyang pag-aaral na nagpanukala

sa bisa ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Ang balangkas ng mga nabanggit na teorya ay nagbigay-linaw sa kahalagahan ng pag-aangkop ng konteksto ng mga panitikan sa mga tunay na karanasan upang mas lalong maintindihan ng mga mag-aaral ang ibig ipahiwatig ng bawat akda.

**Batayang Konseptwal**

Ang batayang konseptwal ng pag-aaral ay inilalarawan sa Figura 1. Ang iskema ay naglalaman ng mga baryabol at proseso ng ginawang pananaliksik.

Makikita sa ibabang kahon ang mga tagasagot ng pag-aaral – ang mga piling mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan, sa Taong Panuruan 2017-2918.

Ang ibabang kahon ay iniugnay sa mas malaking kahon sa itaas nito sa pamamagitan ng isang palaso. Ang malaking kahon ay naglalaman ng mga baryabol ng pag-aaral at ang pamamaraan upang masukat ang mga ito.

Batay sa iskema, ang pag-aaral ay gumamit ng eksperimental na uri ng pananaliksik gamit ang pauna at huling pagsusulit upang tayain ang bisa ng paggamit ng pagkatutong integratibo (integrative learning) bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral.





**Figura 1.** Ang Batayang Konseptwal ng Pag-aaral

Ang bisa sa paggamit ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan, na makikita sa pinakagitnang kahon sa may kanang bahagi ng malaking kahon ay sinukat batay sa iskor sa huling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat. Samantala, ang mga mag-aaral sa kontrol na pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng panitikan, na makikita sa pinakagitnang kahon sa kaliwang bahagi ng malaking kahon.

Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing lunsaran upang matamo ang kahusayan sa panitikan ng mga mag-aaral, na makikita sa malaking kahon sa itaas at sisiguraduhin ng fidbak sa mga kinauukulan, na makikita sa dalawang maliit na kahon sa parehong bahagi ng malaking kahon. Ang mga fidbak mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito ang magsisilbing daan upang mas lalong paunlarin ang kahusayan sa panitikan ng mga mag-aaral.

## Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay lubos na makatutulong sa mga guro, sa mga mag-aaral, sa mga administrador ng paaralan, sa mga kawani ng Kagawaran ng Edukasyon (DepEd), sa mga magulang, at sa mga darating pang mananaliksik upang mas paigtingin ang kanilang kamalayan, saloobin, at asal sa mga panitikang Filipino at sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagkatuto sa mga ito.

**Sa mga Guro**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makatutulong upang mapaunlad at mapahalagahan ang paggamit ng pagkatutong integratibo bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral. Makatutulong din ang pag-aaral na ito upang malaman ng mga guro kung ano pa ang kailangang gawin upang mahubog kawilihan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng mga akdang pampanitikan gamit ang pagkatutong integratibo bilang estratehiya. Sa huli, magagamit ng mga guro ang pagkatutong integratibo sa pagtuturo ng panitikang Filipino sa mga mag-aaral.

**Sa mga Mag-aaral**. Ang mga kinalabasan ng pananaliksik na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang paunlarin ang kanilang pag-uugali hinggil sa mga akdang pampanitikang Filipino bilang mahalagang bahagi ng Kulturang Filipino. Sa kabuuan, ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay maglalayong paunlarin ang kanilang kahusayan sa panitikan gamit ang integratibong pagkatuto.

**Sa mga Administrador ng Paaralan**. Ang kasalukuyang pananaliksik na ito ay magsisilbing gabay sa mga administrador ng paaralan upang makapag-isip ng mga paraan sa ikabubuti at ikagaganda ng pagtuturo ng panitikang Filipino sa mga mag-aaral gamit ang pagkatutong integratibo bilang estratehiya. Ito ay makapagbibigay inspirasyon sa mga administrador na magsagawa ng mga salingkurang pagsasanay

hinggil sa paggamit ng pagkatutong integratibo na maibabahagi sa mga gurong nagtuturo ng panitikang Filipino.

**Sa mga Kawani ng Kagawaran ng Edukasyon**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga kawani ng DepEd bilang mahalagang batayang impormasyon upang mas pagbutihin ang mga gabay pang-kurikulum na nakatuon sa panitikang Filipino lalo na sa aspetong estratehiya sa pagtuturo. Ang pag-aaral na ito ay magsisilbi ring batayan upang gamitin ang integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikang Filipino sa mga mag-aaral sa antas sekundarya.

**Sa mga Magulang**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay makapagdudulot ng saya sa mga magulang dahil ang kanilang mga anak ay may mataas na antas ng pagkatuto sa panitikang Filipino gamit ang integratibong pagkatuto.

**Sa mga Darating na Mananaliksik**. Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing batayan ng mga mananaliksik na magsagawa ng kahalintulad na pag-aaral sa hinaharap.

## Saklaw at Delimitasyon

Tinaya sa kasalukuyang pag-aaral ang bisa sa paggamit ng pagkatutong integratibo bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar gamit ang eksperimental na disenyo ng pananaliksik. Sa katiyakan, ginamit ang pauna at panghuling pagsusulit bilang instrumento sa pagtaya ng

kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat.

Sa karagdagan, ang mga mag-aaral na kalahok ay ang mga opisyal na nakatala sa Ikasiyam na Baitang sa kasalukuyang taong panuruan ng Pambansang Paaralan ng Samar. Ang mga mag-aaral ay hinati sa dalawang pangkat, ang eksperimental at kontrol na pangkat, gamit ang kanilang mga profayl baryets kabilang ang kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling markang natamo sa Filipino 8 at saloobin hinggil sa pag-aaral ng panitikan. Sa pagsuri sa kagalingan ng mga mag-aaral sa panitikan, gumamit ang mananaliksik ng rubriks upang suriin ang mga akdang pampanitikan ng Asya batay sa mga tiyak na pamantayan sa pamumuna kagaya ng nilalaman ng mga sagot at paraan ng pagsusulat ng mga sagot. Gumamit din ang pag-aaral na ito ng pormula ng kabisaan ni Flesch (Belisario, 1993:29) upang mataya ang balidasyon ng ginamit na pagsusulit sa panitikan.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Taong Panuruan 2017-2018.

**Katuturan ng mga Talakay**

Ang mga mahahalagang salitang ginamit ay binigyang kahulugang konseptwal at operasyunal upang lubos na maunawaan ang pag-aaral na ito.

**Estratehiya**. Ang salitang ito ay binigyang konseptwal na pagpapakahulugan bilang isang planadong proseso para sa isang mabisa at madaliang pagtuturo (Saclauso, 2017:1). Ginamit ang salitang ito sa kung paano ito binigyang konseptwal na pagpapakahulugan, maliban sa ito ay partikular na tumukoy sa integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang.

**Integratibong Pagkatuto**. Ito ay tumutukoy sa teoryang pagkatuto na naglalarawan sa pagsasagawa hinggil sa integratibong aralin na matulungan ang mga mag-aaral na pag-ugnayin sa kurikula; konektadong kasanayan; nauukol sa mga kasanayan at pagsagawa sa iba't ibang tagpuan; at pag-alam sa mga isyu at batay sa kinalalagyan (Augsburg & de Barros, 2010:241-255). Sa pagpapairal, ang termino ay tumukoy sa konteksto na siyang isinasaalang-alang sa pagpapakahulugan, maliban kung ang tinukoy ay tungkol sa estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar.

**Makabagong Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikan**. Ito ay tumutukoy sa mga modernong kagamitang panturo tulad ng midyang instruksyonal, na nagbibigay ng kongkretong pundasyon sa pagkatuto ng panitikan (http://harlynkat.blogspot.com, Mayo 22, 2017). Sa pag-aaral na ito, ginamit ang salitang ito bilang deskripsyon sa pagkatutong integratibo bilang isa sa

mga hindi tradisyunal na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.

**Panghuling Pagsusulit**. Ito ay tumutukoy sa pagsusulit na ibinibigay pagkatapos isagawa ang pagtuturo ng mga aralin upang mataya kung hanggang saan hahantong ang kaalaman ng mga mag-aaral at upang tiyakin ang magiging kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng aplikasyon ng mga kasanayan (Merriam-Webster, 1982:767). Sa pag-aaral na isinagawa, ito ay ibinigay sa mga mag-aaral na tagasagot pagkatapos maituro ang mga paksang hinggil sa Panitikang Asyano sa ikatlong markahan upang masukat ang bisa ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng nasabing paksa sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang.

**Pangkat Kontrol**. Ang konseptwal na kahulugan ng salita ay tumutukoy sa batayang sukat; kahawig sa pangkat eksperimental sa lahat ng aspetong tinataya o sinusubok ngunit hindi tumatanggap ng eksperimental na manipulasyon (Myers at Hansen, 2012:23). Sa kasalukuyang pag-aaral, tumukoy sa mga pangkat ng mga mag-aaral na sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng panitikan.

**Pangkat Eksperimental**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa pangkat na tumatanggap ng variable na susubukin sa isang eksperimento (Myers at Hansen, 2012:23). Sa kasalukuyang pag-aaral, tumukoy sa mga pangkat ng mga mag-aaral na kasangkot

sa integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan.

**Paunang Pagsusulit**. Ang salitang ito ay tutukoy sa instrumentong gagamitin ng mananaliksi sa dalawang pangkat bago isagawa ang eksperimento upang matiyak ang batayang kaalaman o kahandaan sa mga karanasang pang-edukasyon ng mga mag-aaral (Merriam-Webster, 1982:891). Sa pag-aaral na isinagawa, ito ay tumukoy sa instrumentong ginamit bago isagawa ang eksperimentasyon hinggil sa bisa ng paggamit ng pagkatutong integratibo.

**Panitikan**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa uri ng akda na talaan ng buhay sapagkat dito inilalarawan ng tao nang tapat, tunay at totoo, ang kanyang mga kaugalian, saloobin at paniniwala (Dizon, 2016:9). Sa pag-aaral na ito, ang panitikan ay tumukoy sa Panitikang Asyano na pinag-aralan sa Ikasiyam na Baitang ayon sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino sa ilalim ng K to 12 na Programa, kabilang dito ang mga maikling kwento ng Singapore, alamat ng Thailand, tula ng Pilipinas, at sanaysay ng Indonesia.

**Tradisyunal na Paraan ng Pagtuturo**. Tumutukoy ito sa pagtuturo na nagsisimula sa pagbasa at sa paraan na laging nakaangkla sa teksbok, pagkatapos bibigyan ng pagsubok (http://harlynkat.blogspot.com, Mayo 22, 2017). Sa kasalukuyang pag-aaral, ang salitang ito ay isinaisantabi

bilang estratehiyang ginamit sa control na pangkat na ginawa ng isang gurong nagtuturo ng Filipino sa Ikasiyam na Baitang.

# Kabanata 2

## PAGSUSURI NG KAUGNAY NA MGA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng pagsasalaysay ng mga ideya, teorya, at prinsipyong hango sa mga aklat, dyornal, peryodiko at mga nakalathalang materyal. Ang bahaging ito ay naglalaman din ng mga mahahalagang kinalabasan ng mga dating pananaliksik na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral.

### Kaugnay na mga Literatura

Ang sumusunod ay mga pagtalakay sa mga ideya, kaisipan, mga prinsipyo, at alituntunin hinggil sa pagtuturo ng panitikan, mga estratehiyang gamit sa pagtuturo ng panitikan, at iba pang mga kahalintulad na mga paksa.

Maraming salik ang maaaring maging hadlang para sa matagumpay na pagkatuto ng isang mag-aaral. Ngunit lubos pa ring nakaaapekto ang paraan kung paano nailahad o ilalahad ng guro ang mga aralin ayon sa napiling istilo nito. Ang hangarin ng bawat guro ay maging masaya at kawili-wili ang karanasan ng kanyang mga mag-aaral sa loob ng klase. Kaugnay nito, iba't ibang paraan ang naiisip ng isang guro upang makamit ang ganitong sitwasyon sa klase. Sa katunayan, ang guro ay gumagamit ng iba't ibang dulog o estratehiya upang sumigla ang kanyang klase. Ang mga dulog integratibo, interaktibo,

kolaboratibo at iba pa ay matagal nang ginagamit sa pagtuturo (Cruz, 2016:1).

Ngunit ang anumang estratehiya o metodo ay mabisa kung ito ay naaangkop sa uri ng aralin, mag-aaral na isinaaalang-alang ang kanilang gulang, antas ng pag-aaral, paraan ng pag-aaral, motibasyon at kahandaang kognitibo at emosyonal, kapaligiran at layunin ng pagtuturo.

Sa dahilang ang pagtuturo ay nasa larangan ng agham mahalagang malaman na ang mga teknik at estratehiya sa pagtuturo ay umaalinsunod sa maayos, sistematikong pagkakasunud-sunod ng mga hakbang. Hinihingi ng mabisa at mabilis na pagtuturo ang paggamit ng mabubuting pamamaraan ng pagtuturo. Nakasalalay sa mabuting pamamaraan ng pagtuturo ang matagumpay, kawili-wili at mabisang pagkatuto ng mag-aaral at pagtuturo ng guro (Belvez, 2000:11).

Kailangang buksan ng guro ang kanyang kaisipan sa mga pagababago. Kung noon natuto ang mga bata sa pamamagitan ng pagsasaulo, sa ngayon ay may iba pang paraan upang matuto ang mga mag-aaral. Ang kurikulum sa kasalukuyan ay nagbibigay ng pagkakataon upang lalong mapalawak ang kaalaman ng mga kabataan (Dizon, 2016:11).

Samantala, ang pagtuturo ng panitikan ay hindi sa pamamagitan ng labi lamang. Dapat na magkaroon ng isang pusong nakakaunawa upang makayang pakahulugan ang damdamin ng may-

akda, ang kanyang hinagpis at kaligayahan, isang pusong maaaring makatarok sa lalim ng kawalang pag-asa sa mga taludtod ng isang makata, masilip ang nakatambad na daigdig ng kagandahan at kapangitan nang buong kaluwalhatian. Sa karagdagan, natuklasan na dapat magkaroon ng kakaibang istratehiya sa pagtuturo upang maging interesado ang mag-aaral sa kanilang pakikinig at maisagawa ang mga pagpapahalaga na matalakay sa bawat aralin na pinag-aaralan (Simbulan, 1998:29-30).

Sa integratibong pagkatuto, mahalaga ang interaksyon sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Hindi lamang pagpapahayag ng sariling ideyal ang mahalaga kundi ang pag-unawa sa mensaheng ipinahahayag ng iba pang kasangkot sa interaksyon. Ang interaksyon sa klase ay kinapapalooban ng tatsulok na ugnayan ng tagahatid ng mensahe, ng tagatanggap at ng konteksto ng sitwasyon, maging pasalita o pasulat na komunikasyon. Sa loob ng klasrum, may tatlong uri ng interaksyon na maaaring lahukan ng mag-aaral, kabilang ang interaksyon sa guro, sa kapwa mag-aaral at sa teksto o kagamitang pampag-aaral (Rivers, 1987:4).

Kabilang sa mga tiyak na teknik sa pagtuturo gamit ang integratibong pagkatuto ay ang Venn Diagram, author’s chair, broadcasting, chamber theatre, at iba pa. Binibigyang diin sa integratibong pagkatuto ang integrasyon o pagsasanib ng

paksang aralin sa pag-aaral ng wika. Ang paglalahad ng wika ay hinahango sa nilalaman o paksa. Taliwas ito sa nakagawiang pagtuturo na ang mga kasanayan sa wika ay itinuturo nang hiwalay at malayo sa konteksto ng paggagamitan nito (Saclauso, 2017:4-5).

Ang guro sa integratibong pagkatuto bilang estratehiya ay tagapagdaloy lamang ng pagkatuto, ang mga mag-aaral ang nagsasagawa ng mga gawain. Sa karagdagan, ang guro ay tagagawa lamang ng iskrip ng pagkatuto, isang konsultant, tagagabay, o tagakumpas. Sa kabuuan ng pag-aaral ng isang aralin, ang mag-aaral ang sentro o ang bida dahil siya ay aktibong nagsasalita, nakikinig, bumabasa at sumusulat kung kinakailangan. Ginagamit ng mag-aaral ang wika sa matalino, mapanuri at malikhaing paraan. Nagiging makabuluhan at kawili-wili ang pag-aaral at pagkatuto sapagkat aktibong gumagana ang kanilang pandama at pag-iisip (Pagkalinawan, 2010:5).

Sa karagdagan, ang pagkatutong integratibo ay maaari ring tukuying multidisciplinary approach na nagpapakilala ng pagtuturo sa iba’t ibang asignatura o lapit. Sa estratehiyang ito, ang mga guro ay pinagsasama-sama ang iba’t ibang uri ng pamamaraan, teknik at mga aparatong teknikal sa isang multidisciplinary approach. Sa huli, ang pagkatutong integratibo ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng komprehensibong

pagkatuto na mayaman at kawiliwili. Ito ay nagbubunga ng isang klasrum na ang kapaligiran ay nakapagbibigay saya at nakapupukaw sa pag-iisip ng mga mag-aaral (Adeyemi, 2010:9).

Higit pa rito, ang integratibong lapit sa literatura ng pagtuturo ay nakapagpapabilis sa kolaboratibong pagkatuto at nakatutulong sa mga mag-aaral na maging malaya sa pagbibigay ng solusyon sa mga problema sa pag-aaral (Knowles at Smith, 2001:77).

Samantala, ang integrasyon ay maaaring gamitin sa loob at sa kabila ng iba't ibang mga disiplina. Halimbawa, ang wika ay maaring maituro sa pamamagitan ng pagbibigay tuon sa apat na kasanayan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa at pagsusulat or sa kabila ng iba't ibang disiplina sa pamamagitan ng integrasyon ng mga konsepto, tema, at ideya mula sa iba't ibang asignatura (Aina, 1979:195).

Samakatuwid, ang integratibong lapit ay makabuluhan sa mga mag-aaral. Sa katunayan, ang nasabing metodolohiya ay tumutulong sa mga mag-aaral na makagawa ng mga koneksyon. Dahilan nito, masasabing ang integratibong lapit ay nakasentro sa mga mag-aaral dahil ito ay nagbibigay kapangyarihan sa kanila na makagawa ng mga koneksyon, makapagbigay ng tuntuning panlahat, at makapaglipat ng kaalaman sa maraming problemadong sitwasyon sa totoong buhay (Yimwilai, 2015:15).

Ang iba’t ibang parte ng integratibong pagtuturo ay 1) kombinasyon ng mga asignatura; 2) tuon sa mga proyekto; 3) pinagkunan na malayo sa teksbuk, 4) kaugnayan ng mga konsepto; at 5) tematikong yunits bilang organisadong prinsipyo. Ang kaayusan ng integratibong pagkatuto ay: 1) ang pagkatuto ay mas nagiging makabuluhan; 2) nag-uugnay ng iba’t ibang istilo ng pagkatuto; 3) humihikayat sa lawak at lalim ng pagkatuto; at 4) nakapagsasagawa ng mga koneksyon (Lucan, 1981:15).

Subalit, may mga sitwasyon sa buhay sa labas ng paaralan na makatutulong sa mga mag-aaral na isipin at bigyang solusyon ang mga problema ng makatotohanan. Ang mga mag-aaral sa lahat ng gulang ay mas makakapamuhunan ng lakas ng isipan sa pang-akademikong aplikasyon na may kahulugan sa kanila. Ito an rason kung bakit ang karamihan sa mga mag-aaral ay mas gugustuhing gumawa ng sulating takdang aralin na nailagay sa konteksto ng isang malaking usapin kagaya ng napapanahong paksa ng Global Warming at iba pa (Parisot, 2017:2).

Sa kabuuan, ang katangian ng mabuting estratehiya na maaaring gamitin upang paunlarin ang kaalaman ng mga mag-aaral ay: simple at madaling maisagawa; nagsasangkot sa lahat ng mga mag-aaral; nagbibigay ng mabuting bunga; humuhubog sa mabuting pag-uugali; nakatutulong sa paglinang ng maraming kakayahan ng mag-aaral; humahamon sa kakayahan ng mag-aaral; higit na marami ang gawain ng mag-aaral kaysa sa mga guro; at

umaalinsunod sa mga simulain ng pagkatuto at pilosopiya ng pagkatuto (Saclauso, 2017:2).

Ang pag-aaral ng panitikan ay isang paglalantad ng mga katotohanang panlipunan at ng mga kathang-isip na guni-guni. Hinahaplos nito ang mga sensorya ng tao, ang pantanaw, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandama. Ang panitikan ay isang buhay ngunit payak na salitang dumadaloy sa katawan ng tao. Kapag binasa ang panitikan, pinagmumulan ito ng madamdaming emosyon sa isang tao o pangkat ng mga tao, sapagkat sinulat ang mga ito ng kapwa tao (Rivas, 2006:1).

Sa Pilipinas, halimbawa, may dalawang malaking kabuluhang pampanitikan ang ika-19 siglo. Una, sa siglong ito biglang sumilakbo ang teatro at ang nakalibrong akdang awit-korido-komedya na siyang unang maituturing na pambansang panitikang popular. Ikalawa, sa siglong ito sumibol ang diwa ng pambansang paglaya na nagrurok sa Himagsikang 1896, ang pinakadakilang sandali sa ating kasaysayan pagkatapos ng tatlong dantaon sa ilalim ng mga dayuhan. Sa panitikan, kinakatawan ang sandaling ito ng sinulat nina Plaridel, Rizal, Bonifacio, Jacinto, at Mabini. Maaari pang idagdag ngayon sina Mariano Ponce, Antonio Luna, Graciano Jaena y Lopez, at Isabelo de los Reyes. Naging masigasig táyo sa pagsusuri sa ikalawa ngunit ni hindi natin iniintindi ang unang pangyayari.

Ang kaugnay na mga literatura na tinalakay sa bahaging ito ay nagpatunay na mahalaga ang estratehiyang ginagamit ng guro upang maituro at matutunan ng kanyang mga mag-aaral ang panitikan. Kaugnay nito, ang mga pagtalakay sa bahaging ito ay nakapagbigay ng malalim na pag-unawa hinggil sa kahalagahan ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.

**Kaugnay na mga Pag-aaral**

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga mahahalagang kinalabasan ng mga ginawang pag-aaral kagaya ng mga tesis at disertasyon ng gradwadong pag-aaral hinggil sa pagbasa, mga estratehiyang gamit sa pagpapaunlad nito, at iba pang mga paksang may kaugnayan dito.

Lucas (2008) nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Mga Mabisang Istratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa mga Mag-aaral sa Kolehiyo". Napag-alaman ng pag-aaral na may tatlong mabisang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa tatlong kurso sa kolehiyo. Ang mga estratehiyang ito ay ang palagiang pagtalakay sa mga aral hango sa binasang akda; ang paggamit ng story telling sa pagtuturo ng mga akdang pampanitikan gaya ng maikling kwento, nobela at iba pa; ang pagtukoy sa tema ng akdang binasa at pagpapaliwanag sa kaugnayan ng pamagat sa akdang tinalakay; ang nakasanayang pagsasagawa ng tanungang-sagot habang nagtatalakayan hinggil

sa isang paksa; at ang pagsasagawa ng pangkatang gawain tulad ng panel discussion sa halip na indibidwal na gawain bilang bahagi ng pagtalakay sa isang akdang pampanitikan. Napag-alaman din sa pag-aaral na ito na ang kakulangan ng guro sa mga kagamitang awdyo-biswal bilang pantulong sa pagtalakay sa mga akdang pampanitikan ang estratehiyang may pinakamababang antas ng pagsang-ayon at may katamtaman ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Nagkaroon ng mahalagang pagkakaiba o significant difference ang bisa ng mga estatehiya ayon sa pananaw ng mga mag-aaral sa kursong Mass Communication, Business Management at Nursing.

Ang isinagawang pananaliksik ni Lucas ay may kaugnayan sa kasalukuyang pananaliksik dahil parehong nakatuon sa pag-aanalisa ng mabisang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Sa karagdagan, parehong gumamit ng eskeperimental na disenyo si Lucas at ang kasalukuyang pananaliksik. Kaya lamang ang pag-aaral ni Lucas ay nakasentro sa pagtuturo ng panitikan sa kolehiyo samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay sa mga mag-aaral sa antas sekondarya.

Rada (2010) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Pagbuo ng Instrumento sa Pagtaya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino: Tuon sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng nasa Kolehiyo". Ang kinalalabasan sa pag-aaral ay sampu sa 214 tagasagot ang

"Magaling", 202 ang "Katamtamang Galing" at dalawa ang "Mahina". Sa bahaging Wastong Gamit, higit na nakita ang mababang marka. Sa kognitibong dimensyon, "Magaling" ang iskor ng karamihan ng mga respondiente sa mababang antas ng pag-iisip (lower-order thinking skill) at "Katamtamang Galing" naman sa mataas na antas ng pag-iisip (higher-order thinking skill). Batay sa pag-aaral na ito, binigyang tuon ang kakayahan ng mga estudyante sa wastong gamit ng mga salita na bahagi ng balarila/gramatika ng wikang Filipino at talasalitaan.

Ang kinalabasan ng pananaliksik na isinagawa ni Rada ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa pamamagitan ng batayang impormasyon sa kahalagahan ng pagtaya ng kognitibong akademikong kuhusayang pang-wika upang makabuo ng instrumento para sa pagtataya nito. Ang kasalukuyang pag-aaral ay tinaya ang paunang antas ng kahusayan sa panitikan ng mga mag-aaral upang masukat ang bisa ng paggamit ng integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot.

Del Castillo (2010) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba't Ibang Teksto sa Elementarya". Napag-alamang kulang ang kasanayan ng mga kalahok na mag-aaral sa organisasyon, o pag-uugnay at paghahanay ng mga ideya. Kapuna-puna sa mga sinuring komposisyon ang kakulangan sa nilalaman (content). Sa

paghahanda ng mga gawaing pasulat, napatunayang mas nagiging epektibo ang pagpapasulat kung may maayos na panimulang gawain ang guro bago ang aktwal na pagpapasulat; ang mga gawain ay kasiya-siya at makabuluhan sa mga mag-aaral; nahihimok ng mga gawain na magsulat ang mga mag-aaral; may malinaw na panutong ibinibigay ang mga guro sa bawat gawain; at may barayti sa mga gawaing ibinibigay sa mga mag-aaral. Ang mga gawaing malabo at hindi mauugnay sa aralin ay dagdag-pasanin lamang sa mga mag-aaral, samantalang ang kasiya-siyang gawain ay dahilan upang kahiligan ng mga mag-aaral ang pagsulat. Kaugnay ng pamamaraan sa pagtuturo ng pagsulat, lubos na magkakaroon ng pag-unlad ang mga mag-aaral sa kasanayang pasulat kung nararanasan ang proseso ng pagsulat.

Si Del Castillo at ang kasalukuyang mananaliksik ay magkakaugnay ang layunin na paunlarin ang kahusayan ng mga mag-aaral. Ngunit, ang pag-aaral ni Del Castillo ay nakatuon sa pagpapaunlad sa kahusayan ng mga mag-aaral sa pagsulat sa iba't ibang teksto. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay layong paunlarin ang pagpapahalaga at kahusayan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. Si Del Castillo ay gumamit ng prosesong pagdulog samantalang ang kasalukuyang mananaliksik ay gumamit ng integratibong pagkatuto.

Mojares (2010) sa kanyang pag-aaral na pinamagatang, "Teaching Strategies in English: The Case of Batangas State

University-Malvar, Philippines”, ay nagpakitang ang lecture method at brainstorming ang kadalasang ginagamit ng mga guro. Napagalaman din na ang profayl ng mga guro ay may mahalagang kaugnayan sa kanilang mga estratehiyang gamit sa pagtuturo. Sa katiyakan, ang gulang, sanligang edukasyon at karanasan sa pagtuturo ng mga guro ang may mahalagang kaugnayan sa dalas ng kanilang paggamit ng iba’t ibang estratehiya sa pagtuturo ng Ingles.

Ang pag-aaral ni Mojares ay may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral sa pag-alam sa mga estratehiyang panturo na gamit ng mga guro. Ang kasalukuyang pananaliksik ay tiyak na estratehiya ang ginamit, ang integratibong pagkatuto, upang paunlarin ang kahusayan ng mga mag-aaral sa panitikan sa antas sekondarya.

Villanueva (2010) sa pag-aaral na pinamagatang, “Integrated Teaching Strategies Model for Improved Scientific Literacy in Second-Language Learners”, ay nagsabing ang kasanayan sa problem solving ng mga mag-aaral na tagasagot ay mas pinaunlad ng estratehiyang siyentipikong literasi. Ang mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay nagpakita ng mas mataas na natamong kasanayan kaysa sa mga mag-aaral sa kontrol na pangkat.

Ang pagkakahalintulad ng kasalukuyang pag-aaral sa pag-aaral na isinagawa ni Villanueva ay ang tuon ng pag-aaral.

Parehong layon ng dalawang pag-aaral na tayain ang bisa ng isang partikular na estratehiya sa pagtuturo ng isang asignatura. Sa kabila ng mga nabanggit na pagkakahalintulad, ang pagkakaiba sa pag-aaral ni Villanueva ay nakatuon sa isang estratehiya sa Agham samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay isang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino.

Ramos (2012) ay nagsagawa ng pag-aaral na pinamagatang, "Kabisaan ng Instruksyong Modyular sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral sa Accountancy at Commerce ng Saint Louis University". Napag-alaman sa pag-aaral na mas mataas ang mean score ng mga mag-aaral na sumailalim sa instruksyong modyular kumpara sa tradisyunal na pamamaraan at natuklasang may makabuluhang pagkakaiba ang antas ng kakayahan sa pagsusulit ng mga mag-aaral ayon sa kasarian ngunit walang makabuluhang pagkakaiba naman ayon sa pangkat etniko at natuklasang nahirapan ang mga mag-aaral sa mga gawaing aplikasyon.

Sa kabila ng pagkakaiba ng pag-aaral ni Ramos sa kasalukuyang pag-aaral, minabuti pa rin ng mananaliksik na banggitin ang nasabing pag-aaral dahil sa kabuluhan nito sa pagbibigay ng mahalagang impormasyon hinggil sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo. Si Ramos ay naglayong sukatin ang kabisaan ng instruksyong modyular sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa kolehiyo. Ang kasalukuyang

pananaliksik ay layong tayain ang kabisaan ng paggamit ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa antas sekondarya.

Almayda (2012) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "Kabisaan ng mga Estratehiyang Ginagamit sa Pagtuturo ng Hayskul". Napag-alaman na halos lahat ng estudyante ay sumasang-ayon sa mga estratehiya ng pagtuturo na inilahad ng mananaliksik sa mga katanungan kung saan makakatulong sa kanilang pagkatuto katulad ng reporting, paggamit ng makabagong teknolohiya, pangkatang-gawain, at recitation. Napag-alaman din na nakakaapekto ang mga estratehiyang ginagamit sa pagkatuto ng mga estudyante sa paraang nagiging kawili-wili ang talakayan sa mga ito at nakukuha ang kanilang atensyon.

Ang isinagawang pananaliksik ni Almayda ay mas malawak ang saklaw dahil nakatuon ito sa lahat ng mga estratehiyang gamit sa pagtuturo ng hayskul. Samantantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay nakatuon lamang sa estratehiyang integratibong pagkatuto sa panitikan. Sa kabila ng pagkakaiba, ang pag-aaral ni Almayda ay nagbigay ng mahalagang pananaw hinggil sa kabisaan ng mga estratehiyang maaaring gamitin upang paunlarin ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sebastian (2013) ay nagsagawa ng pananaliksik na pinamagatang, "Ang Gamit ng Elektronikong Kagamitan sa

Pagtuturo ng Asignaturang Filipino". Batay sa kinalabasan ng pag-aaral na ito, ang may pinakamataas na bilang ng elektronikong kagamitan na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ay ang LCD projector sapagkat ang kagamitang ito ay pumupukaw sa interes ng mga mag-aaral na makinig sa pagtuturo kanilang guro. Samantala, ang may pinaka maliit na bilang naman ay ang Tablet sapagkat ang kagamitan ay may mataas na halaga.

Ang pananaliksik ni Sebastian ay tungkol sa paggamit ng elektronikong kagamitan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino samantalang ang kasalukuyang pananaliksik ay hinggil sa paggamit ng integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikan. Sa kabila ng lantarang pagkakaiba ng dalawang pag-aaral, binanggit ang kay Sebastian dahil sa mithiin nitong sukatin ang kabisaan ng paggamit ng partikular na estratehiya sa pagtuturo ng isang tiyak na asignatura.

Tsu (2013) sa pag-aaral na pinamagatang, "Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral", ay nagsabing maituturing na kalakasan ng "process approach" ang pagsasagawa ng mga paghahanda sa panimulang pagsulat at pagpapakita ng mga halimbawa ng mga komposisyong isusulat para lumawak ang kaalaman ng mga mag-aaral, nakaramdam din ng pagpapahalaga sa sinulat na komposisyon ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay puna at pagkakaroon ng sapat na panahon ang mga mag-aaral upang tapusin ang komposisyon.

Nakitang kahinaan ng "process approach" ay ang mahabang oras o panahong pag-uukol sa pagsulat mula sa panimulang Gawain ng pagsulat ng unang borador hanggang sa pagbibigay ng puna ng guro para sa muling pagsulat ng huling borador.

Ang kinalabasan ay mas tiyak at limitado ang ginawang pag-aaral ni Tsu na nakatuon lamang sa paggamit ng process approach sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag-aaral. Samantala, ang kasalukuyang pag-aaral ay mas may lawak dahil ito ay nakatuon sa paggamit ng integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikan. Sa kabila ng pagkakaibang ito, binanggit ang pag-aaral ni Tsu upang magbigay ng mas matibay na lunsaran ang pagbibigay ng implikasyon sa mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa kahalagahan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo.

Mustacisa (2014) sa pag-aaral na pinamagatang, "Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo", ay nagtayang ang mga mag-aaral na tagasagot ay may mababang perpormans sa kakayahang komunikatibo; walang mahalagang pagkakaiba sa kakayahang komunikatibo sa Filipino ng mga estudyante batay sa kanilang mga katangian; ang dalas ng istilong pagkatuto ay minsan lang naipakita sa awditori at taktayl, subalit madalas na ipinakita sa biswal at kinestitik; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng mga istilong pagkatuto ng mga

estudyante at ang kanilang mga katangian; walang mahalagang kaugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo ng mga estudyante at ang kanilang mga istilo sa pagkatuto.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Mustacisa ay may pagkakatulad sa kasalukuyang pananaliksik sa aspeto ng paggamit ng kakayahang komunikatibo dahil ang huli ay tinaya rin ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa aspeto ng pag-intindi ng mga panitikan. Subalit ang dalawang pag-aaral ay magkaiba sa mga estratehiyang ginamit sa paglikom ng mga datos at sa pagsagawa ng pag-aaral na ito.

Cuizon (2014) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Meta Analisis sa Pagusuri ng Maikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon". Napag-alaman na ang karaniwang pinag-aralan ay binubuo ng kahalagahang pangkatauhan, larawang-diwa ng mga kababaihan at gramatikang aspeto. Sa metodolohiyang ginamit, ang desinyong kwalitatibo ang nagtamo ng pinakamataas na bahagdan at ang kwantitatibo-kwalitatibo ang nagtamo ng pinakamababang bahagdan. Sa paglikom ng datos, ang diretsahang pagsusuri ang nagtaya ng pinakamataas na bahagdan, sinunadan ng talatanungan at tseklist. Sa pag-analisa, ang kontent analisis ang nagtaya ng pinkamataas na bahagdan, at ang gramatikal analisis ang nagtamo ng pinakamababang bahagdan. Batay sa natuklasan, ang pagsusuri ng maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon mula sa iba't

ibang paaralan gamit ang meta analisis ay isang epektibo, mabisa, objektibong paraan at kagamitan na magagamit sa makatarungang paghatol; pamumuna sa kabuluhan at kagandahan; paghahambing sa mga kritikal na isyu; at pormulasyon ng panibagong pamantayan at batas.

Ang isinagawang pag-aaral ni Cuizon ay isang pag-aanalisa sa mga isinagawang pag-aaral hinggil sa pagsusuri sa mga maikling kwento ng mga gradwadong paaralan sa Mindanao. Sa aspetong ito, ang pag-aaral ni Cuizon ay may pagkakatulad sa kasalukuyang pag-aaral na inalisa rin ang mga panitikan sa iba't ibang bansa sa Asya, kabilang na ang mga maiikling kwento. Ngunit ang nasabing pag-aaral ni Cuizon ay may pagkakaiba sa kasalukuyang pag-aaral dahil sa disenyo ng pananaliksik na gamit. Ang kay Cuizon ay isang kwalitatibong pag-aanalisa samantalang ang kasalukuyang pag-aaral ay gumamit ng kwantitatibong pag-analisa gamit ang eksperimental na disenyo upang suriin ang bisa ng paggamit ng integratibong pagkatuto sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.

Gantan (2015) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Strategies in Teaching Music and their Perceived Effectiveness". Sa nasabing pag-aaral, lumabas na ang mga estratehiyang gamit ng mga guro sa pagtuturo ng Musika ay tinayang "much effective" samantalang "very much effective" ng mga mag-aaral na tagasagot. Hindi tinanggap ang

ipotesis na walang mahalagang pagkakaiba sa pananaw ng mga guro at mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa mga metodolohiyang gamit sa pagtuturo ng Musika.

Ang pag-aaral na isinagawa ni Gantan na may pagkakaiba kaysa sa kasalukuyang pananaliksik dahil sa tuon nitong asignatura na Musika taliwas sa kasalukuyang pag-aaral na nakatuon sa Filipino. Sa kabila nito, ang pag-aaral ni Gantan ay nagbigay ng mahalagang pananaw hinggil sa paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng mga asignatura.

Dizon (2016) ay nagsagawa ng isang pag-aaral na pinamagatang, "Ang Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Panitikan sa Sekondarya". Ang kinalabasan ng pag-aaral na ito ay: 1) angkop at nakabubuti ang napiling genre ng panitikan sa pagtuturo ng edukasyong gender dahil sa magandang resulta ng pagbabalido ng mga eksperto sa mga kwentong ginamit sa pagtuturo mg edukasyong gender kung kaya't kinakailangan ng wastong gabay at maayos na pagpili ng mga panitikan; 2) naging malinaw sa mga mag-aaral ang edukasyong gender dahil sa mga layuning nakapaloob dito na ginamit sa pagtuturo ng panitikan; 3) ang aspetong pisikal, sosyal, sikolohikal at sosyo-ekonomiko ay mahalagang maisabuhay ng mga mag-aaral na naaayon sa kanilang positibong pananaw at paniniwala; 4)higit na naging mabisa ang paggamit ng mga panitikan matapos maituro at naging malawak ang

kanilang kaalaman tungol sa gender-sensitivity dahil sa magandang resulta ng panghuling pagsusulit; 5) nakatulong ang pag-aaral na ito sa mga guro, mag-aaral at mananaliksik matapos itong maituro dahil sa pag-unlad nang kaalaman tungkol sa edukasyong gender at pagbibigay-linaw nito.

Maraming pagkakapareho ang pag-aaral ni Dizon at ang kasalukuyang pag-aaral. Una, parehong nakatuon sa pagtuturo ng panitikan sa antas sekondarya. Ikalawa, parehong gamit ang konsepto ng integrasyon. Ikatlo, parehong tinaya ang kabisaan ng paggamit ng isang tiyak na estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Subalit, magkaiba pa rin ang pag-aaral ni Dizon at ang kasalukuyang pag-aaral dahil ang konsepto ng integrasyon ay tiyak na nakatuon sa kasarian o gender ng mga mag-aaral samantalang sa kasalukuyang pag-aaral ang konseptong ito ay ginamit bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan.

Aranda (2016) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Using Differentiated Instruction in Improving the Academic Performance of Students in Filipino Language". Sa nasabing pananaliksik napag-alaman na ang antas ng kahusayan ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat ay mas mataas kaysa sa mga mag-aaral sa kontrol na pangkat. Sa pangkalahatan, ang differentiated instruction batay sa iba't ibang istilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay mabisa sa pagtuturo ng Filipino sa mga mag-aaral sa Ikasampung Baitang.

Mas malawak ang saklaw ng pag-aaral na isinagawa ni Aranda dahil ito ay tungkol sa akademikong performans ng mga mag-aaral sa wikang Filipino taliwas sa tuon ng kasalukuyang pag-aaral na sumukat lamang sa kabisaan ng paggamit ng integratibong pagkatuto sa pag-aaral ng panitikan.

Aguila (2017) ay nagsagawa ng isang pananaliksik na pinamagatang, "Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan". Natuklasan ng mananaliksik na mahalaga ang pagsusuri ng mga akdang ipinagagamit sa mga mag-aaral. Mula sa mga nakuhang simulaing naging batayan ng pag-aaral, nakabuo rin ang mananaliksik ng isang instrumentong maaaring gamitin bilang pamantayan sa pagsusuri ng mga maikling kuwentong pambata. Mahalaga ang pagkakaroon ng panimulang ebalwasyon upang matiyak ang kaangkupan nito sa mga mambabasa at magamit bilang suplemento/kagamitang pampagtuturo.

Ang pag-aaral ni Aguila ay magkahawig sa isinagawang pag-aaral dahil parehong nakatuon sa mga panitikan. Ang kaibhan lang, ang pag-aaral ni Aguila ay tiyak na tinalakay ang mga kuwentong pambata. Ang kasalukuyang pag-aaral ay sumaklaw sa lahat ng uri ng mga panitikan sa iba't ibang bansa sa Asya. Sa karagdagan, ang pag-aaral ni Aguila ay hanggang sa pagsasagawa lamang ng isang panimulang ebalwasyon upang

matukoy ang kahalagahan ng mga kuwentong pambata bilang kagamitang pampagtuturo samantalang sa kasalukuyang pag-aaral tinaya ang bisa ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.

Sa kabila ng mga lantarang pagkakaiba sa pagitan ng mga binanggit na pag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral, minarapat pa rin ng mananaliksik na sila ay banggitin upang magbigay linaw sa mga inilahad na suliranin sa pag-aaral na ito. Hango sa mga sinuring literatura at pag-aaral ito ay nakapag-ambag ng mga makabuluhang ideya, simulain at malawak na pananaw para sa pagkalinang ng isinagawang pag-aaral na ito.

## Kabanata 3

## METODOLOHIYA

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pamaraang ginamit ng mananaliksik sa pag-aaral na ito. Nakapaloob dito ang disenyo ng pananaliksik, lokal ng pag-aaral, instrumentasyon, balidasyon ng mga instrumento, pamamaraang sampling, paglikom ng mga datos, at paglalapat estadistikang panukat para sa pagpapakahulugan ng mga nakalap na datos.

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong eksperimental gamit ang pauna at panghuling pagsusulit upang tayain ang bisa ng paggamit ng pagkatutong integratibo (integrative learning) bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar sa Taong Panuruan 2017-2018. Ang eksperimental na paraan ng pananaliksik ay ginamit upang masukat ang bisa ng paggamit ng integratibong pagkatuto bilang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral batay sa kanilang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit.

Samantala, ang mga mag-aaral sa kontrol na pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng panitikan. Pagkatapos, ginamit ang komparatibong pag-aanalisa upang masukat kung mayroong mahalagang pagkakaiba sa iskor ng

mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit sa panitikan sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat.

Ang profayl ng mga estudyanteng tagasagot kabilang ang kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling markang natamo sa Filipino 8, at saloobin hinggil sa pag-aaral ng panitikan ay ginamit bilang batayan sa pagpapangkat ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontrol na pangkat.

Sa huli, ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibo at inferential na istadistikang panukat kagaya ng frequency count, percentage, mean, Standard Deviation, t-test for independent sample means at t-test for correlated samples upang tayain, bigyang implikasyon at interpretasyon ang mga datos.

**Lokal ng Pag-aaral**

Figura 2 ay nagpapakita ng lokal na pag-aaral, ang Pambansang Paaralan ng Samar.

Ito ang pinakamalaking paaralang pansekondarya sa Probinsya ng Samar na nasa ilalim ng pamamahala ng Kagawaran ng Edukasyon, Sangay ng Lungsod ng Catbalogan. Ang nasabing paaralan ay itinatag noong 1904 bilang Provincial high school na pinasinayaan noong 1917 sa ilalim ng pamamahala ni Gobernador Clodualdo Lucero.





**Figura 2.** Ang Mapa ng Lokal ng Pag-aaral

Kalaunan, ito ay tinawag na Samar High School. Noong Hunyo 19, 1964 sa bisa ng Batas Republika Blg 439 na iminungkahi ni Kinatawan Fernando Veloso ng Ikalimang Kongreso ng Republika ng Pilipinas binago ang Samar High School sa kasalukuyan nitong estado na pambansang paaralan at kinalalang Pambansang Paaralan ng Samar. Sa kasalukuyan, ang paaralan ay pinapatakbo ng 10 dinamikong mga kagawaran na pinamamahalaan ng iba't ibang mga pinuno. Kabilang dito ang Kagawaran ng Filipino na pinamumunuan ni Ginang Joy T. Go.

Sa mahigit na isang siglo simula ng pagkakatatag nito, patuloy na nagsisilbing sentro ng kahusayang pang-akademiko sa kabuuan ng Probinsya ng Samar ang Pambansang Paaralan ng Samar na nagpapatupad ng iba't ibang kurikula, kabilang ang Revised Basic Education Curriculum (RBEC) at ang K to 12 na Kurikulum; at ang iba pang mga kurikulum kagaya ng Science, Technology, Engineering and Mathematics (STEM); Special Program for Journalism (SPJ); Special Program for the Arts (SPA); Special Program for Sports (SPS), Open High School (OHS), at ang Senior High School (SHS) na program (School Improvement Plan, SY 2016-2017).

**Instrumentasyon**

Ang nagsilbing instrumento sa paglikom ng mga datos sa kasalukuyang pag-aaral ay ang mga sumusunod: pagsusulit at talatanungan.

**Pagsusulit**. Ang pagsusulit ang siyang pangunahing instrumentong ginamit upang malikom ang mga datos ng pag-aaral na ito. Ito ay sariling gawa ng mananaliksik at nakatuon sa Panitikang Asyano na siyang paksa sa asignaturang Filipino sa ikasiyam na baitang. Ang pagsusulit na ito ay binuo ng 65 aytem gamit ang iba't ibang dulog ng integratibong pagkatuto kabilang ang Venn Diagram, Fish Bowl, Webbing/Networking o Paghahabi, Story Frame, Positive Interest Negative (PIN), Fish Bone, P-Solve, Pagbibigay ng Problema, Sanhi, Bunga, at Solusyon, Multiflow Chart, Caravan, Walk-a-Bout Technique, at iba pa.

Ang pagsusulit na ito ay binuo ng mga panitikan mula sa iba't ibang bansa sa Asya: "Ang Ama" na maikling kwento ng Singapore na isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena; "Ang Alamat ni Prinsesa Manorah" na alamat ng Thailand na isinalin sa Filipino ni Dr. Romulo N. Peralta; "Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan" na tula ng Pilipinas ni Pat V. Villafuerte; at "Kay Estella Zeehandelaar" na sanaysay ng Indonesia.

**Talatanungan**. Ang isa pang instrumento ng pag-aaral na ito ay isang talatanungan na sariling gawa ng mananaliksik. Ito ay binuo ng dalawang bahagi.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay naglalaman ng mga aytem hinggil sa profayl ng mga mag-aaral kabilang ang

kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at huling markang natamo sa Filipino 8. Ang bahaging ito ay isang supply type kung saan ang mga mag-aaral na tagasagot ay inatasang maglagay ng mga kaukulang impormasyon sa mga puwang na inilagay sa bawat aytem.

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay isang tseklist hinggil sa saloobin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng panitikan. Ang bahaging ito ay binuo ng 10 aytem. Ang mga sagot ng mga mag-aaral ay sinukat gamit ang limang puntong iskalang panukat: 5 para sa Lubos na Sumasang-ayon, 4 para sa Sumasang-ayon, 3 para sa Hindi Sigurado, 2 para sa Di-Sumasang-ayon, at 1 para sa Lubos na Di-Sumasang-ayon.

**Balidasyon ng Instrumento**

Ang dalawang instrumentong ginamit sa pag-aaral na ito ay sumailalim sa balidasyon dahil ang mga ito ay sariling gawa ng mananaliksik. Ang balidasyon ng talatanungan ay sumailalim sa ekspertong balidasyon para sa pag-aanalisa sa nilalaman nito at test-retest method upang tayain ang kakayahan nitong masagot ng mga mag-aaral na tagasagot. Sa kabilang banda, ang pagsusulit sa panitikan ay sumailalim sa ekspertong balidasyon upang masuri ang nilalaman nito at sa pormula ng kabisaan ni Flesch (Belisario, 1993:29) upang mataya ang kakayahang masagot ng mga mag-aaral ang mga

katanungan. Ang balidasyon ay isinagawa upang matiyak ang katatagan ng mga instrumentong ginamit sa pananaliksik na ito, at ang kakayahan nito na makalap ang mga datos ayon sa paglalahad ng mga suliranin.

Ang unang borador ng talatanungan ay isinumite sa Tagapayo upang analisahin ang nilalaman nito. Pagkatapos maisangguni ang talatanungan sa Tagapayo, ito ay nirebisa at iniakma sa mga suhestiyong kanyang ibinigay. Pagkatapos nito, inihanda ang panghuling borador ng talatanungan para sa pamumudmod nito sa mga mag-aaral na tagasagot sa ginawang balidasyon. Ang unang pamumudmod ay ginawa sa sampung mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar (SNS), Lungsod ng Catbalogan. Pagkalipas ng apat na araw, isinagawang muli ang pamumudmod ng kaparehong talatanungan sa mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang pagsusulit ay sumailalim sa balidasyon sa pamamagitan ng pormula ng kabisaan ni Flesch (Belisario, 1993:29). Ang balidasyong ito ay isinagawa sa nadebelop na pagsusulit sa panitikan kung saan ang Reading Ease Score (RES) at ang Human Interest Score (HIS) ay tinaya sa pamamagitan ng sumusunod na pormula:

RES = 206.835 – [(1.015 x katamtamang haba ng pangungusap) + (0.846 x katamtamang haba ng salita)]; at

HIS = (% ng salitang personal x 3.635)) + (% ng pangungusap na personal x 0.314)

Kung saan:

Katamtamang haba ng pangungusap = bilang ng mga salita sa pagsusulit / kabuuang bilang ng mga pahina ng pagsusulit;

Katamtamang haba ng salita = bilang ng mga pantig sa pagsusulit / kabuuang bilang ng mga pahina ng pagsusulit;

% ng salitang personal = bilang ng mga salitang personal sa pagsusulit / kabuuang bilang ng mga salita sa lahat ng pahina ng pagsusulit; at

% ng pangungusap na personal = kabuuang bilang ng pangungusap na personal / kabuuang bilang ng pangungungusap sa pagsusulit.

Para sa karampatang interpretasyon ng RES at HIS, ang sumusunod na gabay ay ginamit:

**Talahanayan 1**

**Interpretasyon ng RES at HIS**

| RES | Kaugnay na Antas |
|---|---|
| 91 hanggang 100 | Ikalimang Baitang |
| 81 hanggang 90 | Ikaanim Baitang |
| 71 hanggang 80 | Una hanggang Ikalawang taon sa mataas na paaralan (Ika-Pito at Ika-Walo sa K to 12) |

| RES | Kaugnay na Antas |
|---|---|
| 61 hanggang 70 | Ikatlo hanggang Ikaapat na taon sa mataas na paaralan (Ika-Siyam hanggang Ika-10 sa K to 12) |
| 51 hanggang 60 | Una hanggang Ikalawang taon sa kolehiyo (Ika-11 hanggang Ika-12 sa K to 12) |
| 31 hanggang 50 | Ikatlo hanggang Ikaapat na taon sa kolehiyo (Una hanggang Ika-apat na taon sa kolehiyo (K to 12)) |
| 0 hanggang 30 | Gradwadong Pag-aaral |

| HIS | Deskripsyon |
|---|---|
| 61 hanggang 100 | Lubhang Kaaya-aya |
| 41 hanggang 60 | Higit na Kaaya-aya |
| 21 hanggang 40 | Kaaya-aya |
| 11 hanggang 20 | Katamtaman |
| 0 hanggang 10 | Masalimuot |

Sa kinalabasan sa balidasyon, ang natuos na tamtamang haba ng salita ay 95 samantala, ang katamtamang haba ng pangungusap ay 50, ang porsyento ng salitang personal ay 6.433, at ang porsyento ng pangungusap na personal ay 72.651. Dahil dito, ang natuos na halaga ng RES ay 68.11 na may kaugnay na antas na ikatlo hanggang ikaapat na taon sa mataas na paaralan o sa ika-siyam hanggang ika-sampu na grado ng K to 12 Curriculum. Samantala, ang natuos na halaga ng HIS ay 46 na may deskripsyon na higit na kaaya-aya.

Ito ay nagpapahiwatig na ang pagsusulit ay angkop para sa mga mag-aaral na tagasagot at ito ay karapatdapat na bilang gamit-pangpangalap ng mga datos ukol sa antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang pagsusulit ay isinagawa noong Enero 2018.

**Pamamaraang Sampling**

Ang mga tagasagot sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang ng Pambansang Paaralan ng Samar sa Sangay ng Lungsod ng Catbalogan sa Taong Panuruan 2017-2018.

Ang Slovin's Formula (Pagoso, et al., 1989:22) ay ginamit upang mataya ang sample size na nasa 308. Pagkatapos na matukoy ang eksaktong bilang ng sample ng mga mag-aaral na tagasagot, ginamit ang purposive selection batay sa profayl baryets ng mga mag-aaral kabilang ang kanilang gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya, sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, huling markang natamo sa Filipino 8, at saloobin hinggil sa pag-aaral ng panitikan. Ang mga baryet na ito ay pinaghambing upang tukuyin ang mga mag-aaral na kabilang sa eksperimental at kontrol na pangkat.

Makikita sa Talahanayan 2 ang distribusyon ng mga mag-aaral na kabilang sa eksperimental at kontrol na pangkat.

**Talahanayan 2**

**Ang mga Mag-Aaral na Tagasagot**

| Pangkat | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| Eksperimental | 77 | 50.00 |
| Kontrol | 77 | 50.00 |
| **Kabuuan** | **154** | **100.00** |

Pagkatapos paghambingin ang mga nasabing baryet, kumuha ng kabuuang 154 na mga mag-aaral na tagasagot ang mananaliksik, na may 77 na mag-aaral sa kontrol na pangkat at 77 na mag-aaral sa eksperimental na pangkat.

**Paglilikom ng mga Datos**

Ang paglilikom ng mga datos ay hinati sa tatlong bahagi: bago ang eksperimentasyon, eksperimentasyon, at pagkatapos ng eksperimentasyon. Ang bahaging bago ang pagsagawa ng eksperimentasyon ay ang paghingi ng pahintulot sa mga kinauukulan kagaya ng pagsumite ng liham paghingi ng pahintulot sa Dekano ng Gradwadong Pag-aaral ng Samar College at sa Pansangay na Tagamasid ng Paaralang Sangay ng Lungsod ng Catbalogan. Pagkatapos pagtibayin ang kanilang pahintulot, isinagawa ang pagsusulat ng pagsusulit at ang pamumudmod nito bilang bahagi ng balidasyon. Ang naging kinalabasan nito ang nagsilbing lunsaran para sa pagsasagawa ng eksperimentasyon.

Sa pagsagawa ng eksperimentasyon, ang mga mag-aaral sa kontrol na pangkat ay sumailalim sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ng mga akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Sa puntong ito, hiningi ng mananaliksik ang tulong ng lahat ng mga guro sa Filipino sa Ikasiyam na Baitang upang siyang magsagawa ng tradisyunal na pagtuturo. Sa kabilang banda, ang eksperimental na grupo ay sumailalim sa integratibong pagkatuto bilang estratehiya ng pagtuturo ng panitikan sa

Ikasiyam na Baitang. Ang eksperimentasyon ay isinagawa sa loob ng isang quarter. Ang mismong mananaliksik ang siyang nagturo sa eksperimental na pangkat. Sa pagsasagawa ng eksperimentasyon, naging napakadali sa mananaliksik dahil sa kooperasyon at kawilihan ng mga mag-aaral na tanggapin ang estratehiyang pagkatutong integratibo.

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng panghuling pagsusulit sa panitikan bilang bahagi ng mga gawain pagkatapos ng eksperimentasyon. Pagkatapos nito, ang lahat ng mga datos ay tinaya, binigyang interpretasyon at implikasyon.

Ang pag-aaral na ito, partikular na ang pagtuturo gamit ang pagkatutong integratibo, ay isinagawa mula sa huling bahagi ng Nobyembre hanggang unang linggo ng Enero sa Taong Panuruan 2017-2018.

## Paglalapat Estadistika ng mga Datos

Ang mga estadistikang panukat na ginamit sa pag-aaral na ito ay frequency count, bahagdan, mean, standard deviation, t-test for independent sample means, at t-test for correlated samples.

**Frequency Count o Dalas ng Bilang**. Ang frequency count o dalas ng bilang ay ang istadistikang ginamit sa pagtataya ng mga datos personal ng mga mag-aaral na tagasagot gaya ng gulang at kasarian, tamtamang buwanang kita ng pamilya,

sanligang edukasyon ng mga magulang, hanapbuhay ng mga magulang, at iba pa, ayon sa dalas ng bilang.

**Bahagdan**. Ang bahagdan ay ang estadistikang ginamit sa pagtalakay sa mga datos personal ng mga mg-aaral na tagasagot ayon sa kalakhan ng bilang.

**Mean o Tamtaman**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang maibigay ang kwantitatibong paglalahad sa pangkalahatang gawi o pagkahilig ng mga datos tulad ng gulang, tamtamang buwanang kita, at iba pang datos.

**Standard Deviation**. Ginamit ang estadistikang ito upang matiyak ang dispersyon ng mga datos mula sa tamtaman tulad ng gulang, tamtamang buwanang kita ng pamilya at iba pa.

**t-test for Independent Samples**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang mataya ang mahalagang pagkakaiba ng mga tamtamang iskor sa paunang pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na grupo.

Sa karagdagan, ito rin ang estadistikang ginamit sa pagtaya sa kahalagahan ng pagkakaiba ng mga tamtamang iskor sa panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na grupo gamit ang formula ni Petilos (2015:118):

$$t = \frac{\overline{X_1} - \overline{X_2}}{\sqrt{S_p^2\left(\frac{1}{N_1} + \frac{1}{N_2}\right)}}$$

kung saan:

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\overline{X_1}$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\overline{X_2}$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

$S_p^2$ tumutukoy sa pooled variance

$\overline{N_1}$ tumutukoy sa  sample size ng unang pangkat

$\overline{N_2}$ tumutukoy sa sample size ng pangalawang pangkat

**t-test for Correlated Samples**. Ang estadistikang ito ay ginamit upang tayain ang mahalagang pagkakaiba ng tamtamang iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na grupo. Sa karagdagan, ito ay ginamit sa pagtaya ng tamtamang iskor sa pauna at panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na grupo. Ang ginamit na formula ay ang formula ni Petilos (2015:122):

$$t = \frac{\overline{X_1} - \overline{X_2}}{\sqrt{\frac{N \sum D^2 - (\sum D)^2}{N^2(N-1)}}}$$

kung saan

t tumutukoy sa kinumpyut na t-test para sa malayang samples

$\overline{X_1}$ tumutukoy sa tamtaman ng unang pangkat

$\overline{X_2}$ tumutukoy sa tamtaman ng pangalawang pangkat

$D$ tumutukoy sa pagkakaiba ng paired scores

$\sum D$ refers to the sum of the difference between paired scores

$\sum D^2$ refers to the sum of the squared difference between paired scores

$N$ refers to the number of paired score

Ang mga ipotesis ay sinubok sa .05 antas ng halaga. Ang mga pagtatayang ginawa sa pananaliksik na ito ay ginamitan ng Statistical Package for Social Science (SPSS).

# Kabanata 4

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAKAHULUGAN NG MGA DATOS

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga resulta ng pag-aaral na ito na may pagsusuri at pagpapakahulugan ng mga datos. Kalakip dito ay ang profayl ng mga mag-aaral na tagasagot, kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat, mahalagang pagkakaiba sa pauna at panghuling pagsusulit sa control na pangkat, mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit sa eksperimental na pangkat, mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental at kontrol na pangkat, at mahalagang implikasyon na nakuha batay sa kalalabasan ng pag-aaral.

### Profayl ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay naghahayag ng mga datos hinggil sa profayl ng mga mag-aaal na tagasagot ayon sa sumusunod na mga baryet: gulang at kasarian; kabuuang buwanang kita ng pamilya; sanligang edukasyon ng mga magulang; hanapbuhay ng mga magulang; huling markang natamo sa Filipino 8; at saloobin hinggil sa pag-aaral ng panitikan.

**Gulang at Kasarian**. Talahanayan 3 ay nagpapakita ng gulang at kasarian ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 3**

**Gulang at Kasarian ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Gulang | Kasarian | | Kabuuan | Bahagdan |
|---|---|---|---|---|
| | Lalaki | Babae | | |
| 19 | 0 | 1 | 1 | 0.65 |
| 18 | 1 | 1 | 2 | 1.30 |
| 17 | 4 | 3 | 7 | 4.54 |
| 16 | 9 | 10 | 19 | 12.34 |
| 15 | 27 | 46 | 73 | 47.40 |
| 14 | 15 | 36 | 51 | 33.12 |
| 13 | 0 | 1 | 1 | 0.65 |
| **Kabuuan** | **56** | **98** | **154** | **100.00** |
| **Bahagdan** | **36.36** | **63.64** | **100.00** | |
| **Tamtaman** | **14.91 taon gulang** | | | |
| **S. D.** | **.89 taon** | | | |

Makikita sa naturang talahanayan na ang pinakamatandang mag-aaral na tagasagot ay 19 taong gulang samantala ang pinakabata ay 13 taong gulang. Ilan sa mga mag-aaral na tagasagot ay may bilang na 73 o 47.40 bahagdan ay nasa 15 taong gulang, 51 o 33.12 bahagdan ay nasa 14 taong gulang, 19 o 12.34 bahagdan naman ay nasa 16 taong gulang at ang iba pang mga mag-aaral na tagasagot ay naibahagi sa iba pang gulang.

Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 14.91 taong gulang na may standard deviation na .89 taon. Ang naturang datos ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral na tagasagot ay mga bata pa at nasa tamang gulang para sa kasalukuyang grado ng pag-aaral.

Sa karagdagan, karamihan sa mga mag-aaral na tagasagot ay mga babae na may bilang na 98 o 63.64 bahagdan. Ang mga lalaki ay may bilang na 56 lamang o 36.36 bahagdan. Ito ay nagpapahiwatig na karamihan sa mga nag-aaral sa mga paaralan ay kababaehan.

**Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya**. Ang Talahanayan 4 ay naglalaman ng kabuuang buwanang kita ng pamilya.

**Talahanayan 4**

**Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Buwanang Kita | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| P20,001 at pataas | 22 | 14.28 |
| P15,001-P20,000 | 25 | 16.23 |
| P10,001-P15,000 | 18 | 11.69 |
| P5,001-P10,000 | 38 | 24.68 |
| P5,000 at pababa | 51 | 33.12 |
| **Kabuuan** | **154** | **100.00** |
| **Tamtaman** | **P10,260.24** | |
| **S. D.** | **P7,287.54** | |

Makikita sa Talahanayan 4 na ilan sa mga mag-aaral na kalahok, kung saan, 51 o 33.12 bahagdan ay kumikita ng P5,000 at pababa samantala, 38 or 24.68 bahagdan ay may kita na P5,001-P10,000 kada buwan, 25 o 16.23 bahagdan ay kumikita ng P15,001-P20,000, 22 o 14.28 bahagan ay may P20,001 at pataas, at 18 o 11.69 bahagdan ay may P10,001-P15,000 na kita kada buwan. Ang tamtamang buwanang kita ng mga mag-aaral na

tagasagot ay tinaya sa P10,260.24 na may SD na P7,287.54 na naghihiwatig na ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na buwanang kita na siyang ginagamit para sa mga gastusin sa bahay.

**Sanligang Edukasyo ng mga Magulang**. Ang Talahanayan 5 ay naglalahad ng sanligang edukasyon ng mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 5**

**Sanligang Edukasyon ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| **Sanligang Edukasyon** | **Tatay** | | **Nanay** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Bilang** | **Bahagdan** | **Bilang** | **Bahagdan** |
| Gradwadong Pag-aaral | 38 | 24.67 | 42 | 27.27 |
| Kolehiyo | 35 | 22.73 | 33 | 21.43 |
| Bokasyunal/Teknikal | 6 | 3.90 | 6 | 3.90 |
| SeKundarya | 42 | 27.27 | 44 | 28.57 |
| Elementarya | 33 | 21.43 | 28 | 18.18 |
| Di-Binanggit | 0 | 0.00 | 1 | 0.65 |
| **Kabuuan** | **154** | **100.00** | **154** | **100.00** |

Makikita sa Talahanayan 5 na sa panig ng mga tatay, may ilan sa kanila ang nakaabot sa sekundarya na may bilang na 42 o 27.27 bahagdan samantala ang 38 o 24.67 bahagdan ay nakaabot sa gradwadong pag-aaral, 35 o 22.73 bahagdan naman ay nakaabot sa kolehiyo, 33 o 21.43 bahagdan ang elementarya at ang iba pang mga tatay ay nabahagi sa iba pang antas ng pag-aaral.

Sa panig naman ng mga nanay, makikita sa Talahanayan 5 na 44 o 28.57 bahagdan ang nakaabot sa sekundarya, 42 o 27.27 bahagdan ang nakaabot sa gradwadong pag-aaral, 33 o 21.43

bahagdan ay nakaabot sa kolehiyo, 28 o 18.18 bahagdan ay nakaabot sa elementarya at ang iba ay naibahagi sa iba pang sanligan ng pag-aaral. Ang naturang datos ay nagpapahayag na ang mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok ay mga literado na ibig ipahiwatig na may kakayahan silang bumasa, sumulat, at umintindi ng mga simpleng mensahe.

**Hanapbuhay ng mga Magulang**. Sa Talahanayan 6 ay makikita ang hanapbuhay ng mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot.

Dito sa talahanayan na ito ay makikita na 36 sa mga tatay o 23.38 bahagdan ay may sariling negosyo, 24 o 15.58 ay mga kawani sa gobyerno, 21 o 13.64 bahagdan ay mga kawani ng pribadong organisasyon, 21 o 13.64 bahagdan naman ay nasa konstruksyon, at ang iba pang tatay ay naibahagi sa iba pang mga hanapbuhay.

**Talahanayan 6**

**Hanapbuhay ng mga Magulang ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| **Hanapbuhay** | **Tatay** | | **Nanay** | |
|---|---|---|---|---|
| | **Bilang** | **Bahagdan** | **Bilang** | **Bahagdan** |
| Kawani ng Gobyerno | 24 | 15.58 | 16 | 10.38 |
| Kawani ng Pribadong Organisasyon | 21 | 13.64 | 10 | 6.49 |
| Guro | 5 | 3.25 | 18 | 11.69 |
| Pulis/Kawal | 9 | 5.84 | 2 | 1.30 |
| OFW/Nasa Barko | 8 | 5.19 | 4 | 2.60 |
| May Sariling Negosyo | 36 | 23.38 | 39 | 25.32 |
| Magsasaka | 8 | 5.19 | 4 | 2.60 |
| Mangingisda | 14 | 9.09 | 4 | 2.60 |
| Nasa Konstruksyon | 21 | 13.64 | 3 | 1.95 |
| Nasa Bahay | 6 | 3.90 | 49 | 31.82 |
| Walang Trabaho | 2 | 1.30 | 5 | 3.25 |
| **Kabuuan** | **154** | **100.00** | **154** | **100.00** |

Samantala, makikita din sa Talahanayan 6 na 49 o 31.82 bahagdan ay nasa bahay lamang. Sa may mga hanapbuhay, 39 o 25.32 bahagdan ang may sariling negosyo, 18 o 11.69 bahagdan ay mga guro, 16 o 10.38 ay mga kawani sa gobyerno, at ang iba ay naibahagi sa iba pang mga hanapbuhay.

Ang naturang datos ay nagpapahiwatig na ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga hanapbuhay na siyang pangunahing pinagkukunan ng kanilang buwang kita na ipinantutustos sa mga pangangailangan ng kanikanilang pamilya kasama na ang gastusin sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

**Huling Markang Natamo sa Filipino 8**. Ang Talahanayan 7 ay nagsasaad ng huling markang natamo sa Filipino 8 ng mga mag-aaral na tagasagot.

**Talahanayan 7**

**Huling Markang Natamo sa Filipino 8 ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Marka | Bilang | Bahagdan |
|---|---|---|
| 96-98 | 7 | 4.54 |
| 93-95 | 7 | 4.54 |
| 90-92 | 24 | 15.58 |
| 87-89 | 37 | 24.03 |
| 84-86 | 45 | 29.22 |
| 81-83 | 22 | 14.29 |
| 78-80 | 10 | 6.50 |
| 75-77 | 1 | 0.65 |
| Di-Binanggit | 1 | 0.65 |
| **Kabuuan** | **154** | **100.00** |
| **Tamtaman** | **86.75** | |
| **S. D.** | **4.37** | |

Sa Talahanayan 7, ay makikita na 45 o 29.22 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng huling marka sa Filipino 8 ng 84-86, 37 o 24.03 bahagdan ang nagtamo ng markang 87-89, 24 o 15.58 bahagdan ang nakakuha ng 90-92, 22 o 14.29 bahagdan ang nakakuha ng markang 81-83, at ang ibang mag-aaral na tagasagot ay naibahagi sa iba pang antas na natamo.

Ang tamtamang markang natamo sa Filipino 8 ng mga mag-aaral na tagasagot ay nataya sa 86.75 na may SD na 4.37. Ibig ipahiwatig nito na ang mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng mataas na marka sa Filipino 8 na ibig sabihin sila ay bihasa sa larangan ng panitikan.

**Saloobin Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikan**. Ang Talahanayan 8 ay nagtataya ng saloobin ng mga mag-aaral na tagasagot hinggil sa pag-aaral sa panitikan.

Makikita sa talahanayan na ang mga mag-aaral na tagasagot ay "lubos na sumasang-ayon" sa isa lang na saloobin hinggil sa pag-aaral sa panitikan. Ito ay tumutukoy sa saloobin na nagsasad na, "ang pag-aaral ng panitikan ay isang kawili-wiling gawain na dapat malinang sa bawat isang mag-aaral," na may tamtaman na 4.60.

Anim naman sa mga saloobin ay "sinang-ayunan" ng mga mag-aaral na tagasagot na may tamtaman mula sa 3.87 hanggang 4.41.

**Talahanayan 8**

**Saloobin Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot**

| Saloobin | Tamtaman | Pagpa-kahulugan |
|---|---|---|
| 1. Ang pag-aaral ng panitikan ay isang kawili-wiling gawain na dapat malinang sa bawat isang mag-aaral. | 4.60 | LS |
| 2. Ang pag-aaral ng panitikan ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin ng isang manunulat. | 4.29 | S |
| 3. Ang pag-aaral ng panitikan ay isa sa mga batayang kasanayan na dapat matamo ng mga mag-aaral. | 4.41 | S |
| 4. Ang pag-aaral ng panitikan ay sumasalamin sa aktibong partisipasyon sa mga pangyayari sa lipunan sa malikhaing paraan. | 4.16 | S |
| 5. Ang pag-aaral ng panitikan ay maaaring maging daan upang bigyang-puna ang mga pangyayari sa lipunan. | 4.13 | S |
| 6. Ang pag-aaral ng panitikan ay maituturing na isang sining. | 4.04 | S |
| 7. Ang pag-aaral ng panitikan ay hindi likas sa bawat mag-aaral. | 3.09 | DS |
| 8. Ang pag-aaral ng panitikan ay nangangailangan ng mahabang panahon at masusing paghahanda. | 3.87 | S |
| 9. Mahirap na gawain ang pag-aralan ang panitikan lalo na kung mayroong mga alituntuning dapat sundin. | 3.50 | DS |
| 10. Mahirap ang pag-aaral ng panitikan dahil sa mga hamon ng wikang Filipino. | 3.13 | DS |
| **Kabuuang Tamtaman** | **3.92** | **S** |

**Pinagmulan:**

| | | |
|---|---|---|
| 4.51-5.00 | Lubos na Sumasang-ayong | (LS) |
| 3.51-4.50 | Sumasang-ayon | (S) |
| 2.51-3.50 | Di-Sigurado | (DS) |
| 1.51-2.50 | Hindi Sumasang-ayon | (HS) |
| 1.00-1.50 | Lubos na Di-Sumasang-ayon | (LDS) |

Ang mga saloobin na nagsasaad na: "ang pag-aaral ng panitikan ay isa sa mga batayang kasanayan na dapat matamo ng

mga mag-aaral," at "ang pag-aaral ng panitikan ay nangangailangan ng mahabang panahon at masusing paghahanda," ay ang mga saloobin na nagtamo ng mataas at mababang tamtaman, ayon sa pagkasunod-sunod.

Ang natirang tatlong saloobin ay "di sinang-ayunan" ng mga mag-aaral na tagasagot na nagsasaad na: "ang pag-aaral ng panitikan ay hindi likas sa bawat mag-aaral," "mahirap ang pag-aaral ng panitikan dahil sa mga hamon ng wikang Filipino," at "mahirap na gawain ang pag-aralan ang panitikan lalo na kung mayroong mga alituntuning dapat sundin," na may tamtaman na 3.09, 3.13, at 3.50.

Sa pangkalahatan, ang mga mag-aaral na tagasagot ay "sumang-ayon" sa kanilang saloobin hinggil sa pag-aaral sa panitikan. Ito ay mababatid sa pamamagitan ng kabuuang tamtaman na 3.92. Ibig ipahiwatig dito na may kaaya-aya na saloobin ang mga mag-aaral hinggil sa pag-aaral ng panitikan. Ito ay nagpapahiwatig din na ang mga mag-aaral na tagasagot ay may positibong pananaw hinggil sa pag-aaral ng panitikan na maaaring magpahiwatig ng kanilang kawilihan sa panitikan.

## Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit

Ang bahagi na ito ay maglalahad ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot batay sa

kanilang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit sa eksperimental at kontrol na pangkat.

**Eksperimental na Pangkat**. Ang Talahanayan 9 ay nagpapakita ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat batay sa kanilang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit.

**Talahanayan 9**

**Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental na Pangkat Batay sa Kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

| Iskor | Paunang Pagsusulit | | Panghuling Pagsusulit | |
|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| 50-54 | 0 | 0.00 | 5 | 6.49 |
| 45-49 | 0 | 0.00 | 5 | 6.49 |
| 40-44 | 2 | 2.60 | 15 | 19.48 |
| 35-39 | 4 | 5.19 | 25 | 32.47 |
| 30-34 | 5 | 6.50 | 12 | 15.59 |
| 25-29 | 14 | 18.18 | 13 | 16.88 |
| 20-24 | 24 | 31.17 | 2 | 2.60 |
| 15-19 | 15 | 19.48 | 0 | 0.00 |
| 10-14 | 9 | 11.69 | 0 | 0.00 |
| 5-9 | 4 | 5.19 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **77** | **100.00** | **77** | **100.00** |
| **Tamtaman** | **22** | | **37** | |
| **S. D.** | **7.88** | | **7.30** | |

Dito sa Talahanayan 9 ay makikita na sa paunang pagsusulit, 24 o 31.17 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng iskor na 20-24 habang ang 15 o 19.48 bahagdan ay nakakuha ng 15-19 na iskor, 14 o 18.18 bahagdan, nine o 11.69 bahagdan ay nakakuha ng 10-14, at ang iba ay naibahagi

sa iba pang iskor. Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 22 na may SD 7.88. Samantala, sa panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat, 25 o 32.47 bahagdan ang nakakuha ng iskor na 35-39, 15 o 19.48 bahagdan ang nakakuha ng 40-44, 13 o 16.88 bahagdan ang may iskor na 25-29, 12 o 15.59 bahagdan ang may 30-34 na iskor, ang iba ay naibahagi sa iba pang iskor.

Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa panghuling pagsusulit ay tinaya sa iskor na 37 na may SD 7.30.

Ang naturang datos ay nagsasaad na ang mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental ay may mababang antas ng pagkatuto sa panitikan sa paunang pagsusulit na ipinakikita ng natayang tamtamang iskor. Subalit naging higit na kaaya-aya ang natamo nilang iskor sa panghuling pagsusulit na nagpapahiwatig na naging epektibo ang interbensyon na pagtuturo na ginamit sa pangkat na ito.

**Kontrol na Pangkat**. Ang Talahanayan 10 ay nagpapakita ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat batay sa kanilang mga iskor sa pauna at panghuling pagsusulit.

**Talahanayan 10**

**Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Kontrol na Pangkat Batay sa Kanilang mga Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

| Iskor | Paunang Pagsusulit | | Panghuling Pagsusulit | |
|---|---|---|---|---|
| | Bilang | Bahagdan | Bilang | Bahagdan |
| 38-42 | 0 | 0.00 | 26 | 33.77 |
| 33-37 | 0 | 0.00 | 20 | 25.97 |
| 28-32 | 0 | 0.00 | 14 | 18.18 |
| 23-27 | 3 | 3.90 | 12 | 15.58 |
| 18-22 | 15 | 19.48 | 4 | 5.20 |
| 13-17 | 25 | 32.47 | 1 | 1.30 |
| 8-12 | 28 | 36.36 | 0 | 0.00 |
| 3-7 | 6 | 7.79 | 0 | 0.00 |
| **Kabuuan** | **77** | **100.00** | **77** | **100.00** |
| **Tamtaman** | **14** | | **33** | |
| **S. D.** | **4.94** | | **6.53** | |

Mula sa naturang talahanayan, 28 o 36.36 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat ang nakakuha ng iskor na 8-12 sa paunang pagsusulit, 25 o 32.47 bahagdan ang nagtamo ng 13-17 na iskor, 15 o 19.48 bahagdan ang nakakuha ng 18-22 na iskor sa paunang pagsusulit at ang natirang mag-aaral na tagasagot ay naibahagi sa iba pang iskor.

Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 14 na may SD 4.94.

Makikita rin sa Talahanayan 10 na sa panghuling pagsusulit, 26 o 33.77 bahagdan sa mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat ang nakakuha ng iskor na 38-42, 20 o

25.97 bahagdan ang nakakuha ng 33-37 na iskor, 14 o 18.18 bahagdan ang may iskor na 28-32, 12 o 15.58 bahagdan ay nakakuha ng iskor na 23-27, at ang iba pang mga mag-aaral na tagasagot sa pangkat na ito ay naibahagi sa iba pang iskor.

Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit ay tinaya sa iskor na 33 na may SD 6.53.

Ang naturang datos ay nagsasaad na ang mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat ay may mababang antas ng pagkatuto sa panitikan sa paunang pagsusulit na ipinakikita ng natayang tamtamang iskor. Subalit naging kaaya-aya ang natamong iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa nasabing pangkat sa kanilang panghuling pagsusulit na nagpapahiwatig na may kontribusyon sa kanilang pagkatuto ang tradisyunal na estratehiya ng pagtuturo ng panitikan. Masasabing ang mga mag-aaral na ito ay nasanay na sa tradisyunal na pagtuturo.

## Paghahambing ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot

Ang bahaging ito ay nag papakita ng paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental at kontrol na pangkat.

**Paunang Pagsusulit**. Ang Talahanayan 11 ay naglalahad ng paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga

mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental at kontrol na pangkat.

**Talahanayan 11**

**Paghahambing sa Pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot Batay sa Iskor sa Pauna at Panghuling Pagsusulit**

| Pangkat | Halaga ng t | | Halaga ng p | Ebalwasyon/ Desisyon |
|---|---|---|---|---|
| | Tinuos | Kritikal sa df = 152 | | |
| Eksperimental | -13.101 | ±1.976 | .000 | Mahalaga / Tanggihan ang Epotesis |
| Kontrol | -21.281 | ±1.976 | .000 | Mahalaga / Tanggihan ang Epotesis |

**<u>Eksperimental na Pangkat</u>**. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay -13.101 na may halaga ng p na .000. Ang kritikal na halaga ay tinaya sa ±1.976 na may df na 152 at α na .05.

Sa paghahambing ng natuos na halaga at kritikal na halaga at ang halaga ng p at ng α, ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mahigit kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay napakababa kay sa α. Ito ay nagpapahiwatig na ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang

pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa eksperimental na pangkat," ay tinanggihan.

Ito ay nagpapahiwatig na may pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat. Ang halaga ng t bilang negatibo, ito ay nagpapahiwatig na mas mataas ang natamong iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa panghuling pagsusulit na nagsasaad na may mabuting naidulot ang ginamit na interbensyon sa pagtuturo na ginamit ng guro sa pagpapaunlad ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

**Kontrol na Pangkat**. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol na pangkat sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay -21.281 na may halaga ng p na .000. Ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$1.976 na may df na 152 at α na .05.

Sa paghahambing ng natuos na halaga at kritikal na halaga at ang halaga ng p at ng α, ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mahigit kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay napakababa kay sa α. Ito ay nagpapahiwatig na ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang

pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa kontrol na pangkat," ay tinanggihan.

Ito ay nagpapahiwatig na may pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng kontrol na pangkat. Ang halaga ng t bilang negatibo, ito ay nagpapahiwatig na mas mataas ang natamong iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa panghuling pagsusulit na nagsasaad na ang tradisyunal na pagtuturo na ginamit ng guro sa pagpapaunlad ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral ay naging epektibo rin.

**Paghahambing sa Pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental at Kontrol na Pangkat**

Ang bahaging ito ay nagpapakita ng paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa pauna at panghuling pagsusulit.

**Paunang Pagsusulit**. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 1.207 na may halaga ng p na .249. Ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$1.976 na may df na 152 at $\alpha$ na .05.

**Talahanayan 12**

**Paghahambing sa Pagitan ng Kasalukuyang Pagkatuto sa Panitikan ng mga Mag-aaral na Tagasagot sa Eksperimental at Kontrol na Pangkat**

| **Pagsusulit** | **Halaga ng t** | | **Halaga ng p** | **Ebalwasyon/ Desisyon** |
|---|---|---|---|---|
| | **Tinuos** | **Kritikal sa df = 152** | | |
| Paunang Pagsusulit | 1.207 | ±1.976 | .249 | Di Mahalaga / Tanggapin ang Epotesis |
| Panghuling Pagsusulit | 3.754 | ±1.976 | .000 | Mahalaga / Tanggihan ang Epotesis |

Sa paghahambing ng natuos na halaga at kritikal na halaga at ang halaga ng p at ng α, ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mababa kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay napakataas kay sa α. Ito ay nagpapahiwatig na ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay di mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit," ay tinanggap. Ito ay nagpapahiwatig na walang pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa paunang pagsusulit sa pagitang ng eksperimental at kontrol na pangkat. Ibig sabihin, and entry behavior sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot ay halos pare-pareho lang sa umpisa ng pag-aaral.

**Panghuling Pagsusulit**. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit sa pamamagitan ng pagtatayang t sa malayang tamtaman ng mga sampol, ang natuos na halaga ay 3.754 na may halaga ng p na .000. Ang kritikal na halaga ay tinaya sa $\pm$1.976 na may df na 152 at α na .05.

Sa paghahambing ng natuos na halaga at kritikal na halaga at ang halaga ng p at ng α, ay napatunayan na ang natuos na halaga ay mas mataas kaysa kritikal na halaga at ang halaga ng p ay napababa kay sa α. Ito ay nagpapahiwatig na ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit", ay tinanggihan.

Ito ay nagpapahiwatig na mayroong pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa panghuling pagsusulit sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat. Ang halaga ng t bilang positibo, ito ay nagpapahiwatig na mas mataas ang natamong iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa panghuling pagsusulit.

Ito ay nagsasaad na mas epektibo ang interbensyong ginamit sa eksperimental na pangkat sa pagpapataas ng

pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral. Sumakatuwid, ang pagkatutong integratibo ay mabisang estratehiya sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na baitang ayon sa naging iskor sa panghuling pagsusulit ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat. Sa pangkalahatan, ang bisa ng pagkatutong integratibo sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral ay pinatunayan sa pag-aaral na ito.

## Mahalagang Implikasyon na Nakuha Batay sa Kinalabasan ng Pag-aaral

Ang mga sumusunod ay ang mga implikasyon ng pag-aaral:

Napatunayan sa pag-aaral na ito na may mabuting naidudulot ang pagtuturo ng panitikan na gamit ang tradisyunal na pamamaraan. Subalit mas higit na may magandang naidudulot ang paggamit ng interbensyong pagtuturo sa pagpapataas ng pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral.

Ang kinalabasan na ito ay maghihikayat sa mga guro sa panitikan na maging malikhain lalong lalo na’t kulang ng mga material ang departamento na magagamit sa pagtuturo.

## Kabanata 5

## LAGOM NG KINALABASAN, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng lagom ng kinalabasan, mga konklusyon na hinango, at mga rekomendasyon na batay sa mga konklusyon na hinango mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito.

### Lagom ng Kinalabasan

Ang mga sumusunod ay ang lagom ng kinalabasan sa pag-aaral na ito:

1. Ang tamtamang gulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa 14.91 taong gulang na may standard deviation na .89 taon na karamihan ay mga babae na may bilang na 98 o 63.64 bahagdan.

2. Ang tamtamang buwanang kita ng mga mag-aaral na tagasagot ay tinaya sa P10,260.24 na may SD na P7,287.54.

3. May ilan sa mga tatay ng mag-aaral na tagasagot ang nakaabot sa sekundarya na may bilang na 42 o 27.27 bahagdan samantala sa panig naman ng mga nanay, may 44 o 28.57 bahagdan ang nakaabot sa sekundarya.

4. Tatlumpu’t anim sa mga tatay o 23.38 bahagdan ay may sariling negosyo, sa kabilang dako, 49 o 31.82 bahagdan sa mga nanay ay nasa bahay lamang at sa may mga hanapbuhay, 39 o 25.32 bahagdan ang may sariling negosyo.

5. Ang tamtamang markang natamo sa Filipino 8 ng mga mag-aaral na tagasagot ay nataya sa 86.75 na may SD na 4.37.

6. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay “sumang-ayon” sa kanilang saloobin hinggil sa pag-aaral sa panitikan. Ito ay mababatid sa pamamagitan ng kabuuang tamtaman na 3.92.

7. Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 22 na may SD 7.88 samantala sa panghuling pagsusulit ang tamtamang iskor ay tinaya sa iskor na 37 na may SD 7.30.

8. Ang tamtamang iskor na nakuha ng mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit ay tinaya sa iskor na 14 na may SD 4.94 at ang tamtamang iskor na nakuha nila sa panghuling pagsusulit ay tinaya sa iskor na 33 na may SD 6.53.

9. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental na pangkat, lumabas na may kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, “walang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa eksperimental na pangkat,” ay tinanggihan.

10. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna

at panghuling pagsusulit ng kontrol na pangkat, lumabas na may kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pauna at huling pagsusulit sa kontrol na pangkat," ay tinanggihan.

11. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit, ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay di mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa paunang pagsusulit," ay tinanggap.

12. Sa paghahambing ng kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit, ang kaibhan sa pagitan ng dalawang tamtaman ay mahalaga. Dahil dito ang epotesis na nagsasaad na, "walang mahalagang pagkakaiba sa pagitan ng eksperimental at kontrol na pangkat sa panghuling pagsusulit," ay tinanggihan.

## Mga Konklusyon

Ang mga sumusunod ay ang mga konklusyon na hinango mula sa kinalabasan ng pag-aaral na ito:

1. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay mga bata pa dahil karamihan ay nasa humigit-kumulang 15 taong gulang at nasa

tamang gulang para sa kasalukuyang grado ng pag-aaral at ang karamihan sa mga nag-aaral sa mga paaralan ay kababaehan.

2. Ang pamilya ng mga mag-aaral na tagasagot ay may regular na buwanang kita na siyang ginagamit para sa mga gastusin sa bahay.

3. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na kalahok ay mga literado na ibig ipahiwatig na may kakayahan silang bumasa, sumulat, at umintindi ng mga simpleng mensahe.

4. Ang mga magulang ng mga mag-aaral na tagasagot ay may mga hanapbuhay na siyang pangunahing pinagkukunan ng kanilang buwang kita na ipinantutustos sa mga pangangailangan ng kanikanilang pamilya kasama na ang gastusin sa pag-aaral ng kanilang mga anak.

5. Ang mga mag-aaral na tagasagot ay nakakuha ng mataas na marka sa Filipino 8 na ibig sabihin sila ay bihasa sa larangan ng panitikan.

6. May kaaya-ayang saloobin ang mga mag-aaral hinggil sa pag-aaral ng panitikan.

7. Ang mga mag-aaral na tagasagot sa eksperimental ay may mababang antas ng pagkatuto sa panitikan sa paunang pagsusulit na ipinakikita ng natayang tamtamang iskor. Subalit higit na naging kaaya-aya ang natamo nilang iskor sa panghuling pagsusulit na nagpapahiwatig na naging epektibo ang interbensyon na pagtuturo na ginamit sa pangkat na ito.

8. Ang mga mag-aaral na tagasagot sa kontrol ay may mababang antas ng pagkatuto sa panitikan sa paunang pagsusulit na ipinakikita ng natayang tamtamang iskor. Subalit naging kaaya-aya ang natamo nilang iskor sa panghuling pagsusulit na nagpapahiwatig na may kontribusyon sa kanilang pagkatuto ang pagtuturo na tradisyunal sa pangkat na ito.

9. May pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa pagitan ng pauna at panghuling pagsusulit ng eksperimental at kontrol na pangkat. Mas mataas ang natamong iskor ng mga mag-aaral na tagasagot sa panghuling pagsusulit na nagsasaad na may mabuting naidulot ang ginamit na interbensyon sa pagtuturo na ginamit ng guro sa pagpapaunlad ng antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

10. Walang pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa paunang pagsusulit sa pagitang ng eksperimental at kontrol na pangkat. Ibig sabihin, and entry behavior sa pagkatuto ng panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot ay halos pare-pareho lang sa umpisa ng pag-aaral.

11. Mayroong pagkakaiba sa kasalukuyang pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot sa panghuling pagsusulit sa pagitang ng eksperimental at kontrol na

pangkat. Ito ay nagsasaad na mas epektibo ang interbensyong ginamit sa eksperimental na pangkat sa pagpapataas ng pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral. Sumakatuwid, ito ay dapat gamitin sa patuturo ng panitikan.

## Mga Rekomendasyon

Mula sa mga konklusyon na hinango mula sa mga kinalabasan ng pag-aaral, ang mga sumusunod ay ang mga tagubilin:

1. Dahil napatunayan sa pag-aaral na ito na may mabuting naidudulot ang pagtuturo ng panitikan na gamit ang tradisyunal na pamamaraan, ito ay ipagpatuloy bilang isa sa mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan.

2. Mula sa nakita sa pag-aaral na mas higit na may magandang naidudulot ang paggamit ng interbensyong pagtuturo sa pagpapataas ng pagkatuto sa panitikan ng mga mag-aaral, ito ay maaari ring gamitin bilang isa sa mga pamamaraan sa pagtuturo ng panitikan.

3. Dahil sa naging epektibo ang interbensyong pagtuturo hinihikayat ang mga guro sa panitikan na maging malikhain sa pag debelop ng mga panturong materyal lalong lalo na’t kulang ang mga ito sa departamento na magagamit sa pagtuturo. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng paggamit ng integratibong estratehiya sa pagtuturo ng panitikan kagaya ng paggamit ng concept map, Venn diagram, at mga kahalintulad na kagamitang instruksyonal.

4. Isang panubaybay na pag-aaral ang maaaring isagawa na pinalawak ang saklaw at ang mga sangkot na varyabol hinggil sa antas ng pagkatuto sa panitikan.

5. Iba pang pag-aaral ang maaaring isagawa hinggil sa antas ng pagkatuto sa panitikan sa ibang dibisyon o sa buong rehiyon.

# TALASANGGUNIAN

## A. MGA AKLAT

Aina, N. F. **Social Students for Primary School Teachers**. Ibadan, Nigeria: Oxford University Press, 1979.

Beane, James A. **Curriculum Integration: Designing the Core of Democratic Education**. New York: Teachers College Press, 1977.

Belvez, Paz M. **Ang Sining at Agham ng Pagtuturo**. Manila: Rex Printing Company Inc., 2000.

Caine, R. N., & Caine, G. **Making Connections: Teaching and the Human Brain**. Alexandria, VA: Association for Supervision and Curriculum Development, 1992.

Knowles, M.S. & Smith, R.K. **The Modern Practice of Adult Education**. New York: Association, 2001.

Lave, J. **Cognition in Practice: Mind, Mathematics, and Culture in Everyday Life**. Cambridge, UK: Cambridge University Press, 1978.

Lave, J., & Wanger, E. **Situated Learning: Legitimate Peripheral Participation**. Cambridge, UK: Cambridge University Press, 1991.

**Merriam-Webster's Collegiate Dictionary**. Springfield, MA: Merriam-Webster Incorporated, 1982.

Richardson, V. "Constructivist Teaching and Teacher Education: Theory and Practice". In V. Richardson (Ed.), **Constructivist Teacher Education: Building a World of New Understandings**. London: Falmer Press, 1997.

Saclauso, Crispino. **Concept of Strategy**. Manila, Philippines: REX Bookstore, 2011.

Simbulan, Sol G. **Integrative Teaching Using the Thematic Approach**. USA, 1998.

Vygotsky, L. S. **Mind in Society: The Development of Higher Psychological Processes**. Cambridge, MA: Harvard University Press, 1978.

Wiggins, J. H. **Teaching for Musical Understanding**. New York: McGraw-Hill, 2001.

## B. MGA DYORNAL/PERYODIKO/MAGAZINE


Belisario, Leonor B. "The Dimensional Approach in Reading," **The Modern Teacher**, September, 1993.

De Mesa, Amelita P. & De Guzman, Allan B. "Portrait of Filipino Teachers' Classroom Practices: Traditional or Constructivist?" **Educ Res Policy Prac**, 5, pp 235-253, 2006. DOI 10.1007/s10671-006-9012-8

Marbena, Louise & Tayler, Collette. Victorian Early Years Learning and Development Framework: Integrated Teaching and Learning Approaches. **Evidence Paper, Melbourne Graduate School of Education**. Retrieved May 23, 2014, www.education.unimelb.edu.au, 2011.

Myers, Anne & Hansen, Christine H. "Experimental Psychology". **Research Gate**, 2012.

Rivas, Virgilio A. Continuation from Literary Approaches. **Weekly Personal Journal**. Retrieved Mayo 22, 2017, https://tl.wikipedia.org, Hulyo 27, 2006.

Rivers, P.T. "Language Learners' Interaction: How does it address the Input, Output, and Feedback Needs of L2 Learners?" **TESOL Quarterly**, 30(1), 1987.

Yimwilai, Supaporn. An Integrated Approach to Teaching Literature in an EFL Classroom. **English Language Teaching**, Vol. 8, No. 2. URL: http://dx.doi.org/10.5539/elt.v8n2p14, 2015.


## C. MGA DI-NALATHALANG MATERYAL


Almayda, Marinel. "Kabisaan ng mga Estratehiyang Ginagamit sa Pagtuturo ng Hayskul". Di-Nalathalang Tesis, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila, 2012.

Aguila, Christine Joy. "Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan". Isang Di-Nalathalang Tesis, Unibersidad ng Pilipinas, Lungsod ng Quezon, 2017.

Aranda, Rita R. "Using Differentiated Instruction in Improving the Academic Performance of Students in Filipino Language". Unpublished Master's Thesis, National University, Manila, 2016.

Cuizon, Regina I. "Meta Analisis sa Pagusuri ng Maikling Kwento sa mga Tesis at Disertasyon". Isang Di-Nalathalang Tesis, J.H. Ceriles State College, Zamboanga del Sur, Agosto 10, 2014.

Del Castillo, Rowena U. "Prosesong Pagdulog sa Pagsulat ng Iba't Ibang Teksto sa Elementarya". Di-Nalathalang Tesis, Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas, Maynila, Marso 07, 2010.

Dizon, Mary Angeline M. "Ang Integrasyon ng Edukasyong Gender sa Pagtuturo ng Panitikan sa Sekondarya". Isang Di-Nalathalang Materyal, Tarlac State University, Lungsod ng Tarlac, Abril 2016.

Gantan, Pablito P. "Strategies in Teaching Music and their Perceived Effectiveness". Unpublished Master's Thesis, Don Honorio Ventura Technological State University, Philippines, Hulyo 2015.

Lucas, Rhea David. "Mga Mabisang Istratehiya sa Pagtuturo ng Panitikan sa mga Mag-aaral sa Kolehiyo". Isang Di-Nalathalang Materyal, Bulacan State University, Malolos, Bulacan, Mayo 2008.

Mojares, Juvy G. "Teaching Strategies in English: The Case of Batangas State University-Malvar, Philippines". Unpublished Master's Thesis, Batangas State University, Batangas City, 2010.

Mustacisa, Noel. "Ang Kakayahang Komunikatibo sa Filipino at mga Istilong Pagkatuto ng mga Estudyante sa Kolehiyo". Isang Di-Nalathalang Tesis, Samar College, Lungsod ng Catbalogan, 2014.

Rada, Ester T. "Pagbuo ng Instrumento sa Pagtaya ng Kognitibong Akademikong Kahusayang Pangwika sa Filipino: Tuon sa Kasanayan sa Pagsulat ng mga Estudyanteng nasa Kolehiyo". Isang Di-Nalathalang Tesis, San Beda College, Maynila, 2010.

Ramos, Ermilyn P. "Kabisaan ng Instruksyong Modyular sa Pagtuturo ng Filipino sa mga Mag-aaral sa Accountancy at Commerce ng Saint Louis University". Isang Di-Nalathalang Tesis, Saint Louis University, Lungsod ng Baguio, 2012.

Sebastian, Alizza Marie. "Ang Gamit ng Elektronikong Kagamitan sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino". Di-

Nalathalang Tesis, Pamantasan ng Pilipinas, Lungsod ng Quezon, September 2013.

Tsu, Liz. "Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral". Isang Di-Nalathalang Tesis, Pamantasan ng Lungsod ng Maynila, Maynila, 2013.

Villanueva, Mary Grace Flores. "Integrated Teaching Strategies Model for Improved Scientific Literacy in Second-Language Learners". Isang Di-Nalathalang Disertasyon, Nelson Mandela Metropolitan University, Enero 2010.

## D. MGA ELEKTRONIKO AT IBA PANG MATERYAL

Adeyemi, M. B. A Study of Secondary School Teachers' View on the Teaching of Integrated Social Studies in Oyo State of Nigeria (Unpublished doctoral dissertation). Obafemi Awolowo University, Ile-Ife, Nigeria, 2010.

Almario, Virgilio S. Panitikan tungo sa Kalayaan: 1938-1903. Lektura para sa Unibersidad ng Santo Tomas. Halaw Mayo 22, 2017, http://kwf.gov.ph/panitikan-tungo-sa-kalayaan/, Marso 7, 2014.

Augsburg, T., & de Barros, J. A. Integrating Different Modes of Inquiry for Pre-Service Teachers. Proceedings of the First Interdisciplinary CHESS Interactions Conference, pp 241-255, Hunyo 2010.

Chen, I. "Social Constructivist Theories". In An electronic textbook on instructional technology. Retrieved from http://viking.coe.uh.edu, 1998.

Cruz, Sheryl. "Mga Istratehiya sa Pag-aaral ng Wika para sa Iba't-Ibang Uri ng Istilo ng mga Mag-aaral". Agosto 26, 2016. Halaw Mayo 21, 2017, http://udyong.net.

Dela Rosa, Lilian L. Mahalaga bang Malaman ng mga Guro ang Learning Styles ng mga Mag-aaral? Oktubre 06, 2015. Halaw Mayo 23, 2017, http://udyong.net.

Forbes, Scott H. & Robin, Ann Martin. What Holistic Education Claims about Itself: An Analysis of Holistic Schools' Literature. Paper Presented at the American Education Research Association Annual Conference, San Diego, California, Abril 2004.

http://harlynkat.blogspot.com, Mayo 22, 2017

Gabay Pang-Kurikulum sa Filipino, 2011

K to 12 Gabay Pangkurikulum-Filipino, 2013

Lucan, T. A. Social Studies as an Integrated Subject. In H. D. Mehlinger (Ed.), UNESCO Handbook for the Teaching of Social Studies. Paris, France: UNESCO, 1981.

Mahilom, Arnel B. "Bakit Dapat Pag-aralan ang Panitikan". January 16, 2013. Retrieved Oktubre 15, 2017, https://teksbok.blogspot.com.

Ross, Miller. "Integrative Learning and Assessment". Peer Review, Association of American Colleges and Universities, 2017. Retrieved October 15, 2017, https://www.aacu.org.

Pagkalinawan, Leticia Cantal. "Isang Malikhaing Pagtuturo ng Wika tungo sa Paglinang ng Kasanayang Pangkomunikatibo: Mga Tunguhin at Istratehiya". Isang Papel na Iprenesenta sa Ikalawang Internasyunal na Pagpupulong sa Filipino bilang isang Pandaigdigang Wika, San Diego, California, U.S.A, Enero 15-18, 2010.

Parisot, Arlene. Integrated Instruction: What it is, Why it is Important and How it Works! Retrieved May 22, 2017, http://www.carcom.com.

Reyes, Soledad S. Ilang Problema sa Pagtuturo ng Panitikan sa Filipino, 2017.

Robin, Ann Martin. Alternatives in Education: An Exploration of Learner-Centered Progressive and Holistic Education. Paper Presented at the Annual Meeting of the American Educational Research Association, New Orleans, Los Angeles, Abril 1-5, 2002.

Santos, Tomas U. Kung bakit Abril and Buwan ng Panitikan. Mayo 12, 2015. Retrieved May 22, 2017, http://varsitarian.net.

# MGA APENDIKS

## Apendiks A

### Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pagpapatibay ng Suliranin

Samar College
Catbalogan City

Mayo 11, 2017

**NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekano, Gradwadong Paaralan
Samar College
Lungsod ng Catbalogan

Mahal na Dekano:

Isang mapagpalang araw!

Magalang na ipinababatid ng nakalagda ang pagnanais na magsagawa ng isang panukalang tesis bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong isumite ang sumusunod na mga paksa ng nais kong sulating panukalang tesis, na may partikular na interes sa unang paksa:

1. **PAGGAMIT NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO (INTEGRATIVE LEARNING) BILANG ESTRATEHIYA SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA LUNGSOD NG CATBALOGAN**
2. **BISA NG PAGGAMIT NG MGA SARILING GAWANG BABASAHING PAMPANITIKAN PARA SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHANG PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA ANTAS SEKUNDARYA**
3. **BISA NG PAGGAMIT NG MGA TEKSTONG AWTENTIKO SA PAGPAPAUNLAD NG KAKAYAHAN SA PAG-UNAWA SA PAGBASA NG MGA PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG NG LUNGSOD NG CATBALOGAN**

Kaugnay rin po nito, nais ko pong hingin ang inyong pahintulot na makapagsimula sa pagsulat ng aking pananaliksik. Ang inyong pahintulot ay aking lubos na kikilalanin at pasasalamatan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Gradwadong Paaralan

**Apendiks B**

**Liham Pagtatakda ng Tagapayo**

Republic of the Philippines
Commission on Higher Education
Region VIII
**SAMAR COLLEGES, INC.**
**COLLEGE OF GRADUATE STUDIES**
City of Catbalogan

**PANGALAN** : CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN

**KURSO** : Master sa Sining ng Edukasyon

**MIDYUR** : Filipino

**PAMAGAT NG TESIS** : **ANG BISA NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**

**TAGAPAYO** : CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.

(LGD.) **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**
Pangalan ng Mananaliksik

Sumasang-ayon:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

Pinagtibay:

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana, Kolehiyo ng Gradwadong Pag-aaral

## Appendix C

### Liham Paghingi ng Pahintulot sa mga Mag-aaral na Tagasagot

Samar College
Catbalogan City

Enero 4, 2018

Mahal na mga Mag-aaral:

Isang mapagpalang araw!

Magalang kong ipinababatid na ako ay kasalukuyang nagsasagawa ng isang tesis na pinamagatang "**ANG BISA SA PAGGAMIT NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**", bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong hingin ang inyong suporta sa pamamagitan ng pagsagot sa talatanungang ito.

Makaaasa po kayong ang mga malilikom na mga datos sa pag-aaral na ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang. Tatanawin ko pong malaking utang na loob ang inyong maibabahaging tulong.

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**
Mananaliksik

# Apendiks D

## Talatanungan ng Pag-aaral

**Unang Bahagi – Profayl Baryets ng mga Mag-aaral na Tagasagot**
**Panuto:** Ang bahaging ito ay naglalaman ng inyong mga personal na datos. Pakisagutan ang mga puwang ng mga karampatang impormasyon o kaya pakilagyan ng tsek (√) ang mga nakalagay na puwang sa bawat bilang.

Pangalan ____________________________________________________

Gulang _____ Kasarian ( ) Lalaki ( ) Babae

Kabuuang Buwanang Kita ng Pamilya

( ) Mababa sa Php 5,000.00
( ) Php 5,000.00 – Php 10,000.00
( ) Php 10,001.00 – Php 15,000.00
( ) Php 15,001.00 – Php 20,000.00
( ) Mas Mataas sa Php 20,001.00

Sanligang Edukasyon ng mga Magulang

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Elementarya | ( ) |
| ( ) | Sekondarya | ( ) |
| ( ) | Kolehiyo | ( ) |
| ( ) | Gradwadong Pag-aaral | ( ) |
| ( ) | Bokasyonal/Teknikal | ( ) |

Hanapbuhay ng mga Magulang

| Tatay | | Nanay |
|---|---|---|
| ( ) | Kawani ng Gobyerno | ( ) |
| ( ) | Kawani ng Pribadong Organisasyon | ( ) |
| ( ) | Guro | ( ) |
| ( ) | Pulis/Kawal | ( ) |
| ( ) | OFW/Nasa Barko | ( ) |
| ( ) | May Sariling Negosyo | ( ) |
| ( ) | Magsasaka | ( ) |
| ( ) | Mangingisda | ( ) |
| ( ) | Nasa Konstruksyon | ( ) |
| ( ) | Nasa Bahay | ( ) |
| ( ) | Walang Trabaho | ( ) |

Huling Marka sa Filipino 8 _______

**Ikalawang Bahagi – Saloobin sa Pag-aaral ng Panitikan**

**Panuto:** Ang tseklist sa bahaging ito ay naglalaman ng sampung aytems hinggil sa saloobin sa pag-aaral ng panitikan ng mga mag-aaral na tagasagot. Lagyan ng tsek (√) ang kolum ng inyong sagot gamit ang limang puntong iskala sa ibaba:

**5 – Lubos na Sumasang-ayon (LS)**
**4 – Sumasang-ayon (S)**
**3 – Di-Sigurado (DS)**
**2 – Hindi Sumasang-ayon (HS)**
**1 – Lubos na Di-Sumasang-ayon (LDS)**

| **Mga Saloobin** | **Mga Sagot** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **LS (5)** | **S (4)** | **DS (3)** | **HS (2)** | **LDS (1)** |
| 11. Ang pag-aaral ng panitikan ay isang kawili-wiling gawain na dapat malinang sa bawat isang mag-aaral. | | | | | |
| 12. Ang pag-aaral ng panitikan ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin ng isang manunulat. | | | | | |
| 13. Ang pag-aaral ng panitikan ay isa sa mga batayang kasanayan na dapat matamo ng mga mag-aaral. | | | | | |
| 14. Ang pag-aaral ng panitikan ay sumasalamin sa aktibong partisipasyon sa mga pangyayari sa lipunan sa malikhaing paraan. | | | | | |
| 15. Ang pag-aaral ng panitikan ay maaaring maging daan upang bigyang-puna ang mga pangyayari sa lipunan. | | | | | |
| 16. Ang pag-aaral ng panitikan ay | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| maituturing na isang sining. | | | | | |
| 17. Ang pag-aaral ng panitikan ay hindi likas sa bawat mag-aaral. | | | | | |
| 18. Ang pag-aaral ng panitikan ay nangangailangan ng mahabang panahon at masusing paghahanda. | | | | | |
| 19. Mahirap na gawain ang pag-aralan ang panitikan lalo na kung mayroong mga alituntuning dapat sundin. | | | | | |
| 20. Mahirap ang pag-aaral ng panitikan dahil sa mga hamon ng wikang Filipino. | | | | | |

Maraming salamat!

## Apendiks E

## Pagsusulit sa Filipino 9

**Panuto:** Ang pagsusulit na ito ay binubuo ng sumusunod na mga paksa: "Ang Ama" na maikling kwento ng Singapore na isinalin sa Filipino ni Mauro R. Avena; "Ang Alamat ni Prinsesa Manorah" na alamat ng Thailand na isinalin sa Filipino ni Dr. Romulo N. Peralta; "Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan" na tula ng Pilipinas ni Pat V. Villafuerte; at "Kay Estella Zeehandelaar" na sanaysay ng Indonesia. Basahin ang bawat panitikan at gawin ang mga gawaing itinakda sa bawat panitikan.

*Ang Ama*

*(Isinalin Ni Mauro R. Avena)*

Magkahalo lagi ang takot at pananabik kapag hinihintay ng mga bata ang kanilang ama. Ang takot ay sa alaala ng isang lasing na suntok sa bibig na nagpapatulo ng dugo at nagpapamaga ng ilang araw sa labi. Ang pananabik ay sa pagkain na paminsan-minsa'y inuuwi ng ama – malaking supot ng mainit na pansit na iginisa sa itlog at gulay. Ang totoo, para sa sarili lang niya ang iniuuwing pagkain ng ama, lamang ay napakarami nito upang maubos niya nang mag-isa; pagkatapos ay naroong magkagulo sa tira ang mga bata na kanina pa aali-aligid sa mesa. Kundi sa pakikialam ng ina na mabigyan ng

kaniya-kaniyang parte ang lahat – kahit ito’y sansubo lang ng masarap na pagkain, sa mga pinakamatanda at malakas na bata lamang mapupunta ang lahat, at ni katiting ay walang maiiwan sa maliliit.

Anim lahat ang mga bata. Ang dalawang pinakamatanda ay isang lalaki, dose anyos, at isang babae, onse; matatapang ang mga ito kahit na payat, at nagagawang sila lang lagi ang maghati sa lahat ng bagay kung wala ang ina, upang tiyaking may parte rin ang maliliit. May dalawang lalaki, kambal, na nuwebe anyos, isang maliit na babae, otso anyos at isang dos anyos na paslit pa, katulad ng iba, ay maingay na naghahangad ng marapat niyang parte sa mga pinag-aagawan.

Natatandaan ng mga bata ang isa o dalawang okasyon na sinorpresa sila ng ama ng kaluwagang-palad nito – sadyang nag-uwi ito para sa kanila ng dalawang supot na puno ng pansit guisado, at masaya nilang pinagsaluhan ang pagkain na hirap nilang ubusin. Kahit na ang ina nila’y masayang nakiupo sa kanila’t kumain ng kaunti.

Pero hindi na naulit ang masayang okasyong ito, at ngayo’y hindi nag-uuwi ng pagkain ang ama; ang katunaya’y ipinapalagay ng mga batang mapalad sila kung hindi ito umuuwing lasing at nanggugulpi sa kanilang ina. Sa kabila niyo’y umaasa pa rin sila, at kung gising pa sila pag-uwi sa gabi ng ama, naninipat ang mga matang tinitingnan nila kung

may brown na supot na nakabitin sa tali sa mga daliri nito. Kung umuuwi itong pasigaw-sigaw at padabog-dabog, tiyak na walang pagkain, at ang mga bata’y nagsisiksikan, takot na anumang ingay na gawa nila ay makainis sa ama at umakit sa malaking kamay nito upang pagsunto na dumapo sa kanilang mukha. Madalas na masapok ang mukha ng kanilang ina; madalas iyong margining ng mga bata na humihikbi sa mga gabing tulad nito, at kinabukasan ang mga pisngi at mata niyon ay mamamaga, kaya mahihiya itong lumabas upang maglaba sa malalaking bahay na katabi nila. Sa ibang mga gabi, hindi paghikbi ang maririnig ng mga labi ng mga bata mula sa kanilang ina, kundi isang uri ng nagmamakaawa at ninenerbiyos na pagtawa at malakas na bulalas na pag-ungol mula sa kanilang ama at sila’y magtatanong kung ano ang ginagawa nito.

Kapag umuuwi ang ama ng mas gabi kaysa dati at mas lasing kaysa dati, may pagkakataong ilalayo ng mga bata si Mui Mui. Ang dahila’y si Mui Mui, otso anyos at sakitin at palahalinghing na parang kuting, ay madalas kainisan ng ama. Uhugin, pangiwi-ngiwi, ito ay mahilig magtuklap ng langib sa galis na nagkalat sa kaniyang mga binti, na nag-iiwan ng mapula-pulang patse, gayong paulit-ulit siyang pinagbabawalan ng ina. Pero ang nakakainis talaga ay ang kaniyang halinghing. Mahaba at matinis, ito ay tumatagal ng ilang oras, habang siya ay nakaupo sa bangko sa isang sulok ng bahay,

namamaluktot nang pahiga sa banig kasama ang ibang mga bata, na di-makatulog. Walang pasensiya sa kaniya ang pinakamatandang lalaki at babae, na malakas siyang irereklamo sa ina na pagagalitan naman siya sa pagod na boses; pero sa gabing naroon ang ama, napapaligiran ng bote ng beer na nakaupo sa mesa, iniingatan nilang mabuti na hindi humalinghing si Mui Mui. Alam nila na ang halinghing niyon ay parang kudkuran na nagpapangilo sa nerbiyos ng ama at ito'y nakabubulahaw na sisigaw, at kung hindi pa iyon huminto, ito'y tatayo, lalapit sa bata at hahampasin iyon nang buong lakas. Pagkatapos ay haharapin nito at papaluin din ang ibang bata na sa tingin nito, sa kabuuan, ay ang sanhi ng kaniyang kabuwisitan.

Noong gabing umuwi ang ama na masamang-masama ang timpla dahil nasisante sa kaniyang trabaho sa lagarian, si Mui Mui ay nasa gitna ng isang mahahabang halinghing at hindi mapatahan ng dalawang pinakamatandang bata gayung binalaan nilang papaluin ito. Walang ano-ano, ang kamao ng ama ay bumagsak sa nakangusong mukha ng bata na tumalsik sa kabilan ng kuwarto, kung saan ito nanatiling walang kagalaw-galaw. Mabilis na naglabasan ng bahay ang ibang mga bata sa inaasahang gulo. Nahimasmasan ng ina ang bata sa pamamagitan ng malamig na tubig.

Pero pagkaraan ng dalawang araw, si Mui Mui ay namatay, at ang ina lamang ang umiyak habang ang bangkay ay inihahandang ilibing sa sementeryo ng nayon may isang kilometro ang layo roon sa tabi ng gulod. Ilan sa taganayon na nakatatanda sa sakiting bata ay dumating upang makiramay. Sa ama na buong araw na nakaupong nagmumukmok ay doble ang kanilang pakikiramay dahil alam nilang nawalan ito ng trabaho. Nangolekta ng abuloy ang isang babae at pilit niya itong inilagay sa palad ng ama na di-kawasa, puno ng awa sa sarili, ay nagsimulang humagulgol. Ang balita tungkol sa malungkot niyang kinahinatnan ay madaling nakarating sa kaniyang amo, isang matigas ang loob pero mabait na tao, na noon di’y nagdesisyong kunin siya uli, para sa kapakanan ng kaniyang asawa at mga anak. Dala ng kagandahang-loob, ito ay nagbigay ng sariling pakikiramay, kalakip ang munting abuloy (na minabuti nitong iabot sa asawa ng lalaki imbes sa lalaki mismo). Nang makita niya ang dati niyang amo at marinig ang magaganda nitong sinabi bilang pakikiramay sa pagkamatay ng kaniyang anak, ang lalaki ay napaiyak at kanailangang muling libangin.

Ngayo’y naging napakalawak ang kaniyang awa sa sarili bilang isang malupit na inulilang ama na ipinaglalamay ang wala sa panahong pagkamatay ng kaniyang dugo at laman. Mula sa kaniyang awa sa sarili ay bumulwak ang wagas na pagmamahal

sa patay na bata, kaya madalamhati siyang nagtatawag, "Kaawa-awa kong Mui Mui! Kaawa-awa kong anak!" Nakita niya ito sa libingan sa tabi ng gulod – payat, maputla, at napakaliit – at ang mga alon ng lungkot at awa na nagpayanig sa matipuno niyang mga balikat at brasong kayumanggi ay nakakatakot tingnan. Pinilit siyang aluin ng mga kapitbahay, na ang iba'y lumayo na may luha sa mga mata at bubulong-bulong, "Maaaring lasenggo nga siya at iresponsable, pero tunay na mahal niya ang bata".

Tinuyo ng nagdadalamhating ama ang kaniyang mga luha at saka tumayo. Mayroong siyang naisip. Mula ngayon, magiging mabuti na siyang ama. Dinukot niya sa bulsa ang perang ibinigay ng kaniyang amo sa asawa (na kiming iniabot aman ito agad sa kaniya, tulad ng nararapat). Binilang niya ang papel-de-bangko. Isa man dito ay hindi niya gagastusin sa alak. Hindi na kailanman. Matibay ang pasya na lumabas siya ng bahay. Pinagmasdan siya ng mga bata. Saan kayo pupunta, tanong nila. Sinundan nila ito ng tingin. Papunta ito sa bayan. Nalungkot sila, dahil tiyak nila na uuwi itong dala muli ang mga bote ng beer.

Pagkalipas ng isang oras, bumalik ang ama. May bitbit itong malaking supot na may mas maliit na supot sa loob. Inilapag nito ang dala sa mesa. Hindi makapaniwala ang mga bata sa kanilang nakita, pero iyon ba'y kahon ng mga

tsokolate? Tumingin silang mabuti. May supot ng ubas at isang kahon yata ng biskwit. Nagtaka ang mga bata kung ano nga ang laman niyon. Sabi ng pinakamatandang lalaki'y biskwit; nakakita na siyang maraming kahon tulad niyon sa tindahan ni Ho Chek sa bayan. Ang giit naman ng pinakamatandang babae ay kendi, yong katulad ng minsa'y ibinigay nila ni Lau Soh, na nakatira roon sa malaking bahay na pinaglalabhan ng nanay. Ang kambal ay nagkasiya sa pandidilat at pagngisi sa pananabik; masaya na sila ano man ang laman niyon. Kaya nagtalo at nanghula ang mga bata. Takot na hipuin ang yaman na walang senyas sa ama. Inip silang lumabas ito ng kaniyang kuwarto.

Di nagtagal ay lumabas ito, nakapagpalit na ng damit, at dumiretso sa mesa. Hindi dumating ang senyas na nagpapahintulot sa mga batang ilapat ang mga kamay sa pinag-iinteresang yaman. Kinuha nito ang malaking supot at muling lumabas ng bahay. Hindi matiis na mawala sa mata ang yaman na wari'y kanila na sana, nagbulungan ang dalawang pinakamatanda nang matiyak na hindi sila maririnig ng ama. "Tingnan natin kung saan siya pupunta". Nagpumilit na sumama ang kambal at ang apat ay sumunod nang malayo-layo sa ama. Sa karaniwang pagkakataon, tiyak na makikita sila nito at sisigawang bumalik sa bahay, pero ngayo'y nasa isang bagay lamang ang isip nito at hindi man lang sila napuna.

Dumating ito sa libingan sa tabing gulod. Kahuhukay pa lamang ng puntod na kaniyang hinintuan. Lumuhod at dinukot ang mga laman ng supot na dahan-dahang inilapag sa puntod, habang pahikbing nagsalita, "pinakamamahal kong anak, walang maiaalay sa iyo ang iyong ama kundi ang mga ito. Sana'y tanggapin mo". Nagpatuloy itong nakipag-usap sa anak, habang nagmamasid sa pinagkukublihang mga halaman ang mga bata. Madilim na ang langit at ang maitim na ulap ay nagbabantang mapunit anumang saglit, pero patuloy sa pagdarasal at pag-iyak ang ama. Naiwan sa katawan ang basang kamisadentro. Sa isang iglap, ang kanina pang inip na inip na mga bata ay dumagsa sa yaman. Sinira ng ulan ang malaking bahagi niyon, pero sa natira sa kanilang nailigtas nagsalo-salo sila tulad sa isang piging na alam nilang di nila mararanasang muli.

**Unang Bahagi – Paglinang ng Talasalitaan**

**Panuto:** Bigyang-kahulugan ang sinalungguhitang mga pahayag ayon sa pahiwatig nito sa pangungusap.

1. Ang takot ay sa alaala ng isang lasing na suntok sa bibig na nagpapatulo ng dugo at nagpapamaga ng ilang araw sa labi.

2. Natatandaan ng mga bata ang isa o dalawang okasyon na sinorpresa sila ng ama ng kaluwagang-palad nito.


3. Kung umuuwi itong pasigaw-sigaw at padabog-dabog, tiyak na walang pagkain, at ang mga bata'y magsisiksikan, takot na anumang ingay na gawa nila ay makainis sa ama at umakit sa malaking kamay nito upang pasuntok na dumapo sa kanilang mukha.

4. Alam nila na ang halinghing niyon ay parang kudkuran na nagpapangilo sa nerbiyos ng ama at ito'y

nakabubulahaw na sisigaw, at kung hindi pa iyon huminto, ito'y tatayo, lalapit sa bata at hahampasin iyon nang buong lakas.

5. Ang balita tungkol sa malungkot niyang kinahinatnan ay madaling nakarating sa kaniyang amo, isang matigas ang loob pero mabait na tao, na noon di'y nagdesisyong kunin siya uli, para sa kapakanan ng kaniyang asawa at mga anak.

**Ikalawang Bahagi – Pagpupuno sa mga Pangyayari sa Kwento**




**Ikatlong Bahagi – Pag-unawa sa Binasa**
**Panuto:** Sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Paano sinimulan ng may-akda ang kuwento?

2. Sino ang pangunahing tauhan sa kuwento?

3. Anong pangyayari sa kuwento ang nakapagpabago sa di-mabuting pag-uugali ng ama? Isalaysay.

4. Paano ipinakita ng ama ang kaniyang pagmamahal sa kaniyang anak?

5. Paano nagwakas ang kuwento?

6. Anong kultura ng mga taga-Singapore ang masasalamin sa kuwentong ito?

7. Paano naman ipinakikita ng mga Pilipino ang pagmamahal sa mga namatay na mahal sa buhay? Sa ibang bansa sa Asya?

8. Bakit may uring makabanghay ang kuwento?

*Ang Alamat ni Prinsesa Manorah*

*(Isinalin sa Filipino ni Dr. Romulo N. Peralta)*

Isang alamat na pasalin-salin sa iba't ibang panahon at henerasyon mula noong panahon ng Ayutthaya at nagbigay-inspirasyon kay Haring Rama V ng Thailand.

Si Kinnaree Manorah ay prinsesa ng alamat ng Thai at ang pinakabata sa pitong anak na kinnaree ng Haring Prathum at Reynang Jantakinnaree. Siya ay nakatira sa maalamat na kaharian ng Bundok Grairat. Ang pitong kinnaree ay kalahating babae at kalahating sisne. Sila'y nakalilipad at nagagawang itago ang kani-kanilang pakpak kung kanilang nanaisin.

Sa loob ng kahariang Krairat (Grairat), nakatago ang kagubatan ng Himmapan kung saan din namamahay ang mga nakakatakot na nilalang na hindi kilala sa daigdig ng mga tao. Sa loob ng kagubatan, nakakubli ang maganda at kaaya-ayang lawa kung saan ang pitong kinnaree ay masayang dumadalaw lalo na sa araw ng Panarasi (kalakihan buwan). Sa di-kalayuan ng lawa, nakatira ang isang ermitanyo na nagsasagawa ng kaniyang meditasyon.

Isang araw, napadako ang isang binate habang naglalakbay sa kagubatan ng Himmapan. Siya ay si Prahnbun. Nakita niya ang pitong Kinnaree na masayang nagtampisaw sa ilog. Namangha siya sa nakabibighaning kagandahan ni Prinsesa Mahorah. Naisip niya na kung mahuhuli niya ang prinsesa, dadalhin niya

ito kay Prinsipe Suton, ang anak ng Haring Arityawong at Reyna Jantaivee ng Udon Panjah. Tiyak na matutuwa ang prinsipe at tuluyang mapapaibig ito sa prinsesa. Ngunit naitanong niya sa sarili kung paano niya ito mahuhuli.

Alam ni Prahnbun na may ermitanyong nakatira sa malapit ng kagubatan. Pinuntahan niya ito upang magpatulong sa kaniyang balak. Sinabi sa kaniya ng ermitanyo na napakahirap ang manghuli ng kinnaree dahil agad-agad itong lumilipad kapag natakot. Ngunit naisip ng ermitanyo na may isang dragon na nakatira sa pinakasulok-sulukan ng kagubatan na maaaring makatulong sa kanila. Nagpasalamat ang binate sa ermitanyo at nagmamadaling lumisan upang hanapin ang dragon.

Hindi natuwa ang dragon nang margining ang balak ni Prahnbun, ngunit napapayag din itong bigyan niya si Prahnbun ng makapangyarihang lubid na siyang panghuhuli niya kay Prinsesa Manorah. Nagpasalamat ang binata at patakbong tinungo ang ilog kung saan naglalaro ang mga kinnaree.

Habang abala sa paglalaro ang mga kinnaree, inihagis ni Prahnbun ang lubid at matagumpay na nahuli si Prinsesa Manorah. Ganun na lamang ang pagkaawa ng ibang mga kapatid na prinsesa. Ngunit sila’y walang nagawa kundi agad-agad na lumipad dahil sa takot na sila rin ay paghuhulihin.

Itinali nang mahigpit ni Prahnbun ang pakpak ni Prinsesa Manorah upang hindi makawala at tuluyang madala pabalik sa

Udon Panjah at maibigay kay Prinsipe Suton na noo’y naglalakbay rin sakay sa kabayo papunta sa kagubatan. Nakasalubong niya si Prahnbun dala-dala si Prinsesa Manorah. Agad-agad na naakit sa kagandahan ni Prinsesa Manorah ang prinsipe.

Nang isalaysay ni Prahnbun kay Prinsipe Suton ang dahilan kung bakit niya hinuli at dinala ang prinsesa sa harap niya, nagpasalamat ang prinsipe at binayaran nito ng napakahalagang halaga.

Nagbalik ang prinsipe sa kaniyang palasyo dala-dala si Prinsesa Manorah kung saan umusbong ang isang tunay na pag-ibig sa isa’t isa. Nang sabihin ng prinsipe sa kaniyang inang prinsesa at amang hari ang buong pangyayari, masayang-masaya sila at agad-agad nagbalak na magsagawa ng kasal para kina Prinsipe Suton at Prinsesa Manorah.

Bumalik sila sa Palasyo ng Udon Panjah kung saan isinagawa ang kasal at tuluyang namuhay nang masaya’t matiwasay habambuhay.

**Unang Bahagi – Paglinang ng Talasalitaan**
**Panuto:** Pag-aralan ang mga salitang hiram na ginamit sa alamat at gamitin ito sa sariling pangungusap.

1. Kinnaree – babaeng kalahating sisne, kalahating tao ng Timog-Silangang Asya

2. Panarasi – kabilugan o laki ng buwan

**Ikalawang Bahagi – Pag-unawa sa Binasa**
**Panuto:** Sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Sino ang pangunahing tauhan sa alamat?
2. Ilarawan ang tagpuan ng alamat.
3. Paano sinimulan ang alamat?
4. Paano isinasalaysay ng manunulat ang alamat?
5. Kapani-paniwala baa ng mga tagpuang ginamit sa alamat? Patunayan.
6. Alin sa mga pangyayari ang makatotohanan at di-makatotohanan? Patunayan.
7. Masasalamin baa ng kultura ng Thailand sa alamat na iyong binasa? Ipaliwanag.
8. Paano ipinakita ng akda ang kilos, gawi, at karakter ng mga tauhan sa alamat?
9. Paano naiiba o nagkakatulad ang alamat at maikling kuwento ayon sa kilos, gawi, at karakter?
10. Paano ito nagwakas? Kung ikaw ang may-akda, paano mo ito wawakasan? Isalaysay.

*Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan, at Buhay ng Kinabukasan*

*(ni Pat Villafuerte)*

NOON, ang bawat paghakbang ay isang pagtalunton, isang pagtahak sa matuwid na landas upang marating ang paroroonan gaano man ito kalapit, gaano man ito kalayo, gaano man ito kakitid, gaano man ito kalawak, kaunti man o marami ang mga paang humahakbang, mabagal man o mabilis, pahintu-hinto man o tuloy-tuloy ang bawat paghakbang ay may patutunguhan. Ang bawat paghakbang ay may mararating. Ang bawat paghakbang ay may pagsasakatuparan.

Hindi na mabilang ang paghakbang na naganap sa ating kasaysayan, paghakbang na pinuhunanan ng pawis, dugo, at luha, paghakbang na kinamulatan ng maraming pagsubok, pangamba, at panganib mula pa sa panahon ng kawalang-malay, hanggang sa panahon ng walang humpay na pananakop, digmaan, at kasarinlan at hanggang sa kontemporaryong panahon ng makinasyon sumibol ang kayraming kulturang sinangkutsa sa ating diwa't kamalayan, kulturan may ritmo ng pag-awit, may kilot ng pagsayaw, may haplos ng pag-aalay, may lambing ng panunuyo, at tangis ng pamamaalam. Ito ang ating tinalunton, ito ang bunga ng ating paghakbang: ang kulturang ipinamana sa atin ng nakaraan.

NGAYON, sa panahon ng pagkamulat at maraming pagbabago, binhing nakatanim ang maraming kulturang nag-uumapaw sa ating diwa, nagbabanyos sa ating damdamin, nag-aakyat sa ating kaluluwa, sinubok ng maraming taon inalay sa mga bagong sibol ng panahon, anumang kulay, anumang lahi, anumang edad, anumang kasarian, ang kultura'y pinayayabong nang may halong sigla at tuwa, nang may kasalong pagsubok at paghamon, kulturang sinusuyod ng kapuri-puring ugali at marangal na kilos, kulturang inihahain ng pagsamba't prusisyon, kulturang sinasalamin ang pasko't pistang-bayan, kulturang pinaaawit ng pasyon at pagsasabuhay ng Poon, kulturang patuloy na sumisibol at ipinupunla ng tradisyon: pampamilya, pang-eskuwela, pampolitika, panrehiyon, at pambansa na dinilig ng maraming pagpapaalala, paggabay, at patnubay at pinayaman ng makukulay na karanasan, kulturang inihain at tinanggap, sinunod, at isinakatuparan, ito ang regalo ng kultura, regalo ng kasalukuyan.

BUKAS, ang kulturang itinudla ng nakaraan at inireregalo ng kasalukuyan ay bubuhayin ng kinabukasan at mananatiling repleksyon ng kabutihan, kulturang gagalang sa mga bata't matanda, kulturang rerespeto sa mga babae't may kapansanan, kulturang luluklok ng pagbabayanihan at pagkakapatiran, kasaliw ng mga awiting bayan at katutubong

sayaw, katali ng pagsasadula't pagbabalagtasan, diwang
marangal ang ipupunla kariringgan ng maraming wika,
magkakapantay sa kalayaan at karapatan, magsasama-sama,
magkakapit-bisig, magtutulung-tulungan habang patuloy na
humahakbang upang galugarin pa ang kulturang pagyayamanin
ng ating lahi, ng lahing magiting, ng lahing kapuri-puri,
ng lahing marangal.

**Unang Bahagi – Paglinang ng Talasalitaan**

**Panuto:** Magbigay ng katumbas na pahayag ng mga sinalungguhitang salita mula sa ilang taludtod ng tulang binasa.

1. Sa panahon ng pagkamulat at maraming pagbabago, binhing nakatanim ang maraming kultura.

2. Ang bawat paghakbang ay isang pagtalunton.


3. Ang kulturang itinudla ng nakaraan at inireregalo ng kasalukuyan ay bubuhayin ng kinabukasa.

4. Binhing nakatanim ang maraming kulturang nag-uumapaw sa ating diwa.

5. Kulturang may lambing ng panunuyo at tangis ng pamamalaam.

**Ikalawang Bahagi – Paglalarawan sa Binasa**

**Panuto:** Gamit ang grapikong pantulong, ilarawan ang kultura batay sa tatlong panahong binanggit sa tula.



**Ikatlong Bahagi – Pag-Unawa sa Binasa**
**Panuto**: Sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Ano-ano ang panahong binanggit sa tula?

2. Isa-isahin ang Kulturang Pilipino na binanggit ng may-akda sa tula. Iugnay ito iba pang kultura sa Timog-Silangang Asya.

3. Isa-isahin ang salitang naglalarawan sa kultura batay sa bawat panahon.

4. Sa iyong palagay, naging mabisa ba ang ginawang paglalarawan? Bakit?

5. Ano ang nais iparating ng mga pahayag mula sa taludturan ayon sa:
   a. Panahon ng kawalang malay;
   b. Tangis ng pamamalaam;
   c. Sinubok ng maraming taon;
   d. Kultura ay regalo ng kasalukuyan; at
   e. Sinasalamin ang Pasko’t Pistang Bayan?

6. Suriin mo ang uri ng tula ayon sa layon nito. Paano ito nabuo?

*Kay Estella Zeehandelaar*

*(Salin ni Ruth Elynia S. Mabanglo, Mula sa mga Liham ng Isang Prinsesang Javanese Japara, Mayo 25, 1899)*

Ibig na ibig kong makakilala ng isang “babaeng moderno”, iyong babaeng malaya, nakapagmamalaki’t nakaaakit ng aking loob! Iyong masaya, may tiwala sa sarili, masigla’t maagap na hinaharap ang buhay, puno ng tuwa at sigasig, pinagsisikapan hindi lamang ang sariling kapakanan kundi maging ang kabutihan ng buong sangkatauhan.

Buong kasabikan kong sinasalubong ang pagdating ng bagong panahon; totoong sa puso’t isip ko’y hindi ako mabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga putting kapatid na babae na tumatanaw sa malayong Kanluran.

Kung pahihintulutan lamang ng mga batas ng aking bayan, wala akong ibig gawin kundi ang ipagkaloob ang sarili sa mga nagtatrabaho’t nagsisikap na bagong kababaihan ng Europe; subalit nakatali ako sa mga lumang tradisyong hindi maaaring suwayin. Balang-araw maaaring lumuwag ang tali at kami’y pawalan, ngunit lubhang malayo pa ang panahong iyon. Alam ko, maaaring dumating iyon, ngunit baka pagkatapos pa ng tatlo o apat na henerasyon. Alam mo ba kung paano mahalin ang bago at batang panahong ito ng buong puso’t kaluluwa kahit nakatali sa lahat ng batas, kaugalian, at kumbensyon ng sariling bayan?

Tuwirang sumasalungat sa kaunlarang hinahangad ko para sa aking mga kababayan ang lahat ng mga institusyon naming. Wala akong iniisip gabi't araw kundi ang makagawa ng paraang malabanan ang mga lumang tradisyon namin. Alam kong para sa aking sarili'y magagawa kong iwasan o putulin ang mga ito, kaya lamang ay may mga buklod na matibay pa sa alinmang lumang tradisyon na pumipigil sa akin; at ito ang pagmamahal na iniuukol ko sa mga pinagkakautangan ko ng buhay, mga taong nararapat kong pasalamatan sa lahat ng bagay. May karapatan ba akong was akin ang puso ng mga taong walang naibigay sa akin kundi pagmamahala at kabutihan, mga taong nag-alaga sa akin ng buong pagsuyo?

Ngunit hindi lamang ang tinig nito ang umaabot sa akin; ang malayo, marikit, at bagong silang na Europe ay nagtutulak sa aking maghangad ng pagbabago sa kasalukuyang kalagayan. Kahit noong musmos pa ako'y may pang-akit na sa aking pandinig ang salitang "emansipasyon"; may isang naiibang kabuluhan ito, isang kahulugang hindi maaabot ng aking pang-unawa. Gumigising ito para hangarin ang pagsasarili at kalayaan – isang paghahangad na makatayong mag-isa. Ang puso ko'y sinusugatan ng mga kondisyong nakapaligid sa akin at sa iba, buong lungkot na pinag-aalab ang mithiin kong magising ang aking bayan. Patuloy na lumapit ang mga tinig na galing sa malayong lupain, umaabot sa akin, at sa kasiyahan ng ilang

nagmamahal sa akin at sa kalungkutan ng iba, dala nito ang binhing sumupling sa aking puso, nag-ugat, sumibol hanggang sa lumakas at sumigla.

Ngayo'y kailangang sabihin ko ang ilang bagay ukol sa sarili upang magkakilala tayo. Panganay ako sa tatlong babaeng anak ng Regent ng Japara. Ako'y may anim na kapatid na lalaki at babae. Ang lolo kong si Pangeran Ario Tjondronegoro ng Demak ay isang kilalang lider ng kilusang progresibo noong kapanahunan niya. Siya rin ang kauna-unahang regent ng gitnang Java na nagbukas ng pinto para sa mga panauhin mula sa ibayong dagat – ang sibilisasyong Kanluran. Lahat ng mga anak niya'y may edukasyong European, at halos lahat ng iyon (na ang ilan ay patay na ngayon) ay umiibig sa kanlurang minana sa kanilang ama; at nagdulot naman ito sa mga anak nila ng uri ng pagpapalaking nagisnan nila mismo. Karamihan sa mga pinsan ko't nakatatandang kapatid na lalaki ay nagaaral sa Hoogere-Burger School, ang pinakamataas na institusyon ng karunungang matatagpuan dito sa India. Ang bunsa sa tatlong nakatatandang kapatid kong lalaki'y tatlong taon na ngayong nag-aaral sa Netherlands at naglilingkod din naman doon bilang sundalo ang dalawa pa. Samantala, kaming mga babae'y bahagya nang magkaroon ng pagkakataong makapag-aral dahil na rin sa kahigpitan ng aming lumang tradisyon at kumbensiyon. Labag sa aming kaugaliang pag-aralin ang mga

babae, lalo't kailangang lumabas ng bahay araw-araw para pumasok sa eskuwela. Ipinagbabawal ng aming kaugalian na lumabas man lamang ng bahay ang babae. Hindi kami pinapayagang pumunta saan man, liban lamang kung sa paaralan, at ang tanging lugar na pagtuturong maipagmamalaki ng siyudad naming na bukas sa mga babae ay ang libreng grammar school ng mga European.

Nang tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay – kinailangang "ikahon" ako. Ikinulong ako at pinagbawalang makipag-ugnayan sa mundong nasa labas ng bahay, ang mundong hindi ko na makikita marahil liban kung kasama ko na ang mapapangasawang estranghero, isang di-kilalang lalaking pinili ng mga magulang ko, ang lalaking ipinagkasundo sa akin nang di ko namamalayan. Noong bandang huli, nalaman kong tinangka ng mga kaibigan kong European na mabago ang pasyang ito ng mga magulang ko para sa akin, isang musmos pa na nagmamahal sa buhay, subalit wala silang nagawa. Hindi na nahikayat ang mga magulang ko; nakulong ako nang tuluyan. Apat na mahahabang taon ang itinagal ko sa pagitan ng makapal na pader, at hindi ko nasilayan minsan man ang mundong nasa labas.

Hindi ko alam kung paano ko pinalipas ang mga oras. Ang tanging kaligayahang naiwan sa aki'y pagbabasa ng mga librong Dutch at ang pakikipagsulatan sa mga kaibigang Dutch na hindi

naman ipinagbawal. Itong-ito lamang ang nag-iisang liwanag na nagpakulay sa hungkag at kainip-inip na panahong iyon, na kung inalis pa sa akin ay lalo nang naging kaawa-awa ang kalagayan ko. Lalo nang ako'y maglabing-anim na taon. Salamat sa Diyos! Malalabasan ko ang aking kulungan nang Malaya at hindi nakatali sa isang kung sinong bridegroom. At mabilis pang sumunod ang mga pangyayari nagpabalik sa aming mga babae ng mga nawala naming kalayaan.


Nang sumunod na taon, sa oras ng pagtatalaga sa poder ng bata pang prinsesa (bilang Reyna Wilhelmina ng Netherland), "opisyal" na inihandog sa amin ng mga magulang namin ang aming kalayaan. Sa kauna-unahang pagkakataon sa aming buhay, pinayagan kaming umalis sa bayan namin at pumunta sa siyudad na pinagdarausan ng pagdiriwang para sa okasyong iyon. Anong dakila ng tagumpay iyon! Ang maipakita ng mga kabataang babaeng tulad naming ang sarili sa labas, na imposibleng mangyari noon. Nasindak ang "mundo" naging usap-usapan ang "krimeng" iyon na dito'y wala pang nakagagawa. Nagsaya ang aming mga kaibigang European, at para naman sa amin, walang reynang yayaman pa sa amin. Subalit hindi pa ako nasisiyahan. Lagi, ibig kong makarating sa malayo, mas malayo. Wala akong hangaring makipamista o malibang. Hindi iyon ang dahilan ng paghahangad kong magkaroon ng kalayaan. Ibig kong malaya upang makatayo nang mag-isa, mag-aral, hindi para mapailalim

sa sino man, at higit sa lahat, hindi para pag-asawahin nang sapilitan.

Ngunit dapat tayong mag-asawa, dapat, dapat. Ang hindi pag-aasawa ang pinakamalaking kasalanang magagawa ng isang babaeng Muslim. Ito ang pinakamalaking maipagkakaloob ng isang katutubong babae sa kaniyang pamilya.

At ang pag-aasawa para sa amin – mababaw pa ngang ekspresyon ang sabihing miserable. At paano nga ba na hindi magkakaganoon, kung tila ginawa lamang para sa lalaki ang mga batas, kung pabor para sa lalaki at hindi para sa babae ang batas at kumbensiyon; kung ang lahat ng kaluwaga'y para sa kaniya lang.

**Unang Bahagi – Paghahambing**
**Panuto:** Mula sa akda, paghambingin ang dalawang uri ng pamumuhay sa Java ayon sa kanilang pagkakaiba at pagkakatulad gamit ang Venn Diagram. Ito ay katumbas ng limang punto.



Pagkakaiba Pagkakatulad Pagkakaiba

**Ikalawang Bahagi – Paglinang ng Talasalitaan**
**Panuto:** Ibigay at isulat sa sagutang papel ang kahulugan ng mga nasalungguhitang salita sa pangungusap mula sa akda. Pagkatapos, ipaliwanag ito. Isulat ang sagot sa papel.

1. Buong kasabikan kong sinalubong ang pagdating ng <u>bagong panahon</u>.


2. Balang araw, maaaring lumuwag ang tali at kami'y makalaya sa pagkakaalipin.

3. Kinakailangang ikahon ako, ikulong at pagbawalang lumabas ng bahay.

4. Hindi ako nabibilang sa daigdig ng mga Indian, kundi sa piling ng aking mga putting kapatid.

5. Kay tagal na inasam ang emansipasyon, ang paghihintay sa pagpapahalaga o pagkakaligtas sa pagkaalipin na inasam.

**Ikatlong Bahagi – Concept Webbing**
**Panuto:** Ano ang mga kaugaliang Javanese ang natuklasan mo sa iyong binasa? Itala mo ito gamit ang concept belt.




**Ikalimang Bahagi – Pag-Unawa sa Binasa**
**Panuto:** Sagutin ang mga gabay na tanong.

1. Sino si Estela Zeehandelaar?

2. Paano ipinakilala ng prinsesa ang kaniyang sarili?

3. Ano ang mga nais ng prinsesa na mabago sa kaugaliang Javanese para sa kababaihan?

4. Anong uri ito ng sanaysay? Patunayan.

5. Ano-ano ang katangian ng isang sanaysay na pormal na naiiba sa sanaysay na di-pormal?

## Apendiks F

## Liham Paghingi ng Pahintulot sa Pansangay na Tagapamahala

Samar College
Catbalogan City

Nobyembre 13, 2017

**CRISTITO A. ECO, CESO VI**
Tagapamahala ng Sangay
Tanggapan ng Pansangay na Tagapamahala
Sangay ng Catbalogan, Lungsod ng Catbalogan

Mahal na G. Eco:

Isang mapagpalang araw!

Magalang kong ipinababatid ang aking pagnanais na magsagawa ng isang tesis na pinamagatang "**ANG BISA SA PAGGAMIT NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**", bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong hingin ang inyong pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar.

Makaaasa po kayong ang mga malilikom na mga datos sa pag-aaral na ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang at ang inyong tanggapan ay bibigyan ng kopya ng pananaliksik pagkatapos nito. Tatanawin ko pong malaking utang na loob ang inyong pahintulot na maisagawa ang aking pag-aaral sa aking napiling kaligiran. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekano ng Gradwadong Pag-aaral
Samar College

Pinagtibay:

(LGD.) **CRISTITO A. ECO, CESO VI**
Tagapamahala ng Sangay
Sangay ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan

## Apendiks G

## Liham Paghingi ng Pahintulot sa Punongguro

Samar College
Catbalogan City

Enero 18, 2018

**RUTH D. CABANGANAN**
Secondary School Principal I, Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan, Samar

Mahal na Gng. Cabanganan:

Isang mapagpalang araw!

Magalang kong ipinababatid ang aking pagnanais na magsagawa ng isang tesis na pinamagatang "**ANG BISA SA PAGGAMIT NG PAGKATUTONG INTEGRATIBO SA PAGTUTURO NG PANITIKAN NG MGA MAG-AARAL SA IKASIYAM NA BAITANG SA PAMBANSANG PAARALAN NG SAMAR**", bilang pagtupad sa mga gawaing itinakda ng degring, Master ng Edukasyon, medyor sa Filipino. Kaugnay nito, nais kong hingin ang inyong pahintulot na maisagawa ang nasabing pag-aaral sa mga mag-aaral sa Ikasiyam na Baitang sa Pambansang Paaralan ng Samar sa pamamagitan ng isang eksperimentasyon hinggil sa bisa ng pagkatutong integratibo sa pagtuturo ng panitikan. Ang nasabing eksperimentasyon ay nais kong maisagawa sa loob ng isang linggo sa mga sumusunod na petsa:

- Enero 18-19, 2018 para sa pagsasagawa ng Paunang Pagsusulit sa Filipino 9 saklaw ang mga panitikan ng mga bansang Asyano
- Enero 22-Pebrero 02, 2018 para sa pagtuturo sa mga mag-aaral na kalahok gamit ang tradisyunal na pagtuturo at integratibong pagtuturo ng panitikan
- Pebrero 05-06, 2018 para sa pagsasagawa ng Panghuling Pagsusulit sa Filipino 9.

Nais ko rin pong hingin ang inyong pahintulot na hingin ko ang suporta ng aking mga kapwa gurong nagtuturo sa Ikasiyam na Baitang upang sila ang magsagawa ng tradisyunal na pamamaraan ng pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral na kalahok. Makaaasa po kayong ang mga malilikom na mga datos sa pag-aaral na ito ay gagamitin sa pananaliksik lamang at ang inyong tanggapan ay bibigyan ng kopya ng pananaliksik pagkatapos nito. Tatanawin ko pong malaking utang na loob ang inyong pahintulot na maisagawa ang aking pag-aaral sa aking napiling kaligiran. Kalakip po ng sulat na ito ang sulat na nilagdaan ng Tagapamahala ng Sangay ng Catbalogan. Maraming salamat po!

Lubos na Sumasainyo,

(LGD.) **CHERYL C. ANTELIGANDO-TAN**
Mananaliksik

Binigyang Puna:

(LGD.) **CARMELITA C. ABDURAHMAN, Ed.D.**
Tagapayo

(LGD.) **NIMFA T. TORREMORO, Ph.D.**
Dekana ng Gradwadong Pag-aaral

Pinagtibay:

(LGD.) **RUTH D. CABANGANAN**
Secondary School Principal I

**KURIKULUM BITA**

# KURIKULUM BITA

Pangalan: **CHERYL A. TAN**



Petsa ng Kapanganakan: May 03, 1987

Lugar ng Kapanganakan: Catbalogan

Katayuang Sibil: May Asawa

Address: P4, Munoz
Lungsod ng Catbalogan

## EDUKASYONG NATAMO

| | | |
|---|---|---|
| Gradwadong Edukasyon | : | Master ng Edukasyon (Filipino)<br>Samar College<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2017-2018 |
| Tersyaryang Edukasyon | : | Certificate in Teaching<br>Samar College<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2012-2013<br>***Plaque of Merit***<br><br>Bachelor of Liberal Arts (Social Science)<br>Samar College<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2007-2008<br>***Leadership Award/ Special Citation*** |
| Sekundaryang Edukasyon | : | Makati High School<br>Makati, Philippines<br><br>Catbalogan National Comprehensive High School<br>Lungsod ng Catbalogan<br>Taong Panuruan 2003-2004 |

Edukasyong Elementarya : Catbalogan IV CES
Lungsod ng Catbalogan
Taong Panuruan 1998-1999

## ELIGIBILITY

Licensure Examination for Teachers
March 10, 2012
Tacloban City

## KARANASAN SA TRABAHO

Teacher III
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Disyembre 27, 2016

Teacher I
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Marso 04, 2014 – Disyembre 27, 2016

College Instructor
Samar College
Lungsod ng Catbalogan
Hunyo 03, 2013 – Marso 04, 2014

## SALINGKURANG PAGSASANAY

Seminar Workshop on Adolescent Fertility Management
Samar State University-Main Campus
Lungsod ng Catbalogan
Marso 13, 2017

School-Based Seminar Workshop on Campus Journalism
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Hulyo 28-30, 2016

Regional Enhancement Training Division Mentors for Campus Journalism
Leyte National High School
Lungsod ng Tacloban, Leyte
Hunyo 07-10, 2016

Division Enhancement Training-Workshop for Elementary and Secondary School Paper Advisers
Pambansang Paaralan ng Samar
Lungsod ng Catbalogan
Agosto 11-13, 2016

Coaching Qualifiers to the 2016 National School Press Conference
Kagawaran ng Edukasyon
Pebrero 15-17, 2016

Division Training Workshop on Campus Journalism for Elementary and Secondary School Paper Advisers
Kagawaran ng Edukasyon
Setyembre 16-19, 2015

Division Training on Child Protection
Sangay ng Catbalogan
Lungsod ng Catbalogan
Pebrero 13-15, 2015